# "BEKI NAMAN"

Dulang Pampelikula

BUOD:

Lagpas sitenta-anyos na si Peter pero nananatili pa rin siyang klosentang bading. Para sa kanya napipilitan siyang mamalagi sa kloseta dahil ayaw niyang madungisan ang respetado't ginagalang na apelyido ng kanyang ama na si Retiradong Heneral Eddie Faron at ang relihiyosa niyang ina na si Lourdes. Ramdam naman ng mga kasosyo ng kanyang ama sa negosyong security agency na isang bading si Peter, kaya nang inanusyo ni Eddie na magre-retiro na siya't ipapasa ang kanyang posisyon sa nag-iisang anak ay nagulat ang mga kasamahan. Natatakot at kinakabahan si Peter sa obligasyon na pinapasa sa kanyang ama. Ang kanyang malapit na kaibigan na si Calvin (isang ladlad na bading), ang magpipilit sa kanya na unahan ang mga kasosyo't aminin na sa kanyang ama ang katotohanan na isa siyang bading. Sa lahat ng mga kaganapan ay aatakehin pa sa puso't mamatay ang kanyang ina. Habang mag-isang kasama ang bangkay nito ay inamin ni Peter na isa siyang bading. Hindi inaasahan ni Peter na nadinig pala ito ng kanyang ina sa langit at sinabing bibigyan siya ng 40 na araw para mamuhay nang malaya na isang bading. Magugulat na lang si Peter magising sa edad na kanyang 25 anyos. Hihingi siya ng tulong kay Calvin para bumalik sa dati, pero ang mismong kaibigan niya ang magbubukas ng mata ng bihirang biyaya na ito. Sa unang pagkakataong makakaramdam ng kalayaan si Peter at maraming makikilalang mga bading. Isa na rito si Sky na masugid na nililigawan siya. Matapos ang matagal na pangungulit ay pagbibigyan niya si Sky pero laking gulat na lang niyang malaman na anak pala siya ng unang lalaking inibig niya. Pakiramdam tuloy ni Peter ay pinaglalaruan siya ng tadhana para mamili siya ng buhay na tatakayin pagkatapos ng 40 na araw.

FADE IN:

1 **I/E. FARON RESIDENCE - DAY.** 1

Sa may garahe makikita ang ilang luxury cars na pawang kulay itim at puti lang.

May mga bodyguards na naka-barong na nagsisilakaran at nakabantay sa may gate.

Ang mga kasambahay ay pawang mga naka-uniporme at tutok sa trabaho.

Makikita natin ang mga letrato ng pamilyang FARON, karamihan ay mga letrato ng patriarch na si EDDIE. Ang buong living room ay parang altar ni EDDIE. Siya ay nakasuot ng military attire na kasama ang ilang Presidente ng Pilipinas, mga diplomats. Makikita rin ang kanyang mga trophies, medals, framed newspaper articles (**"GENERAL FARON RETIRES AS AFP-CHIEF OF STAFF" "FARON LEAVES LEGACY OF BRAVERY IN AFP"**), and memorabilias bilang four-star general .

May malaking painting ni EDDIE bago mag-retiro, na nakasuot ng kanyang full-dress uniform na may four-stars.

Sa tabi ng painting nito ay ang portrait ng FARON family that was made a couple of years ago. Sina EDDIE at asawang LOURDES ay naka-upo, habang ang kanilang kaisa-isang anak na si PETER ay nakatayo sa likod nila. They all look pensive on the portrait.

CUT TO:

2 **INT. FARON RESIDENCE - PETER'S ROOM - DAY.** 2

Tutunog ang alarm mula sa phone at agad namang babangon si PETER (63). He stiffly walks to his bathroom, as if walking automatically.

CUT TO:

3 **INT. FARON RESIDENCE - PETER'S ROOM - BATHROOM - DAY, LATER.** 3

Tapos na maligo si PETER. Pinpunasan niya ang lababo bago magsimulang mag-ahit. Mabusisi siyang mag-aahit.

Maski sa paggupit sa buhok sa ilong, sinisiguro niyang walang ni isang tutsang ang matitira. Everything has to look perfect and clean.

CUT TO:

4 **INT. FARON RESIDENCE - PETER'S ROOM - WALK-IN CLOSET - DAY, LATER.** 4

Magsisimula ng magbihis si PETER ng pang-opisina. Makikita na ang kanyang mga damit ay pare-pareho ang kulay at estilo. Classic with black, gray, and white colors. Kaya naman huhugot lang sa mga isa dito si PETER, at susuotin ito.

CUT TO:

5 **INT. FARON RESIDENCE - DINING AREA - DAY, LATER.** 5

Kumakain ng agahan sina PETER, EDDIE (84), at LOURDES (80).

EDDIE
Naayos mo ba 'yung pinapa-revise ko sa presentation mo mamaya?

PETER
Yes, sir. Binawasan ko pa ng ten percent 'yung stipend na papadala natin do'n sa staff niyo, para hindi rin na mag-question 'yung board.

Tatango lang si EDDIE na parang unimpressed at tutuloy lang na kumain. Hahawakan naman ni LOURDES ang kamay ni PETER at ngingitian ang kanyang anak. PETER feels comfort at his mother's gesture.

CUT TO:

6 **EXT. FARON RESIDENCE - DAY, LATER.** 6

Nakaparada ang dalawang luxury cars sa harap ng bahay. Nasa harap ang sasakyan ni EDDIE, habang kasunod nito ang kay PETER.

Lahat ng mga kasambahay ay nasa labas din bilang respeto para kina EDDIE at PETER.

Ihahatid nina LOURDES at PETER si EDDIE papasok ng sasakyan. Hahalik si EDDIE kay LOURDES then gets into the car.

Ihahatid naman ni LOURDES si PETER sa kotse niya. Hahalik siya sa pisgni ng anak na mangingiti lang sa kanya. PETER gets into his car.

Aandar na paalis ang dalawang kotse habang masayang kumakaway si LOURDES sa kanyang mag-ama. Biglang matitigilan si LOURDES at mapapahawak sa dibdib. Lalapit ang isang KASAMBAHAY na nakapansin sa kanya. LOURDES simply smiles at her and brushes off what happened.

CUT TO:

7 **EXT. FARON PRIME SECURITY AND PROTECTION AGENCY (FPSPA) -** 7

**DAY, LATER.**

Makikita ang signage at logo ng FARON PRIME SECURITY AND PROTECTION AGENCY EST. 1997

Paparada ang sasakyan nina EDDIE at PETER sa may lobby entrance. Nagmamadaling pagbubuksan ng SECURITY ang pinto ng sasakyan ni EDDIE. Bababa si EDDIE.

Kasunod na bubuksan naman ang pinto sa sasakyan ni PETER. Bababa si PETER na nakasunod lang sa kanyang ama na papasok na ng building.

CUT TO:

8 **INT. FPSPA - HALLWAY - SAME DAY.** 8

Sa pagpasok ni EDDIE hihinto ang lahat sa pagtatrabaho at babatiin sila bilang respeto. Si PETER ay nakasunod sa kanyang ama, several steps away. Para siyang anino ni EDDIE kung makasunod sa kanya.

Dadaanan ni PETER ang ilang mga JANITOR na huminto rin sa pagtrabaho at babatiin sila ng good morning sabay magba-bow. Aksidenteng mahuhulog ng isang JANITOR ang nakasukbit na mop sa lalagyan nito. Tutunog nang malakas ang stick ng mop sa pagbagsak nito sa sahig. Magugulat si PETER at mapapatili na parang babae.

Titigil si EDDIE sa paglalakad. Matitigilan din si PETER. Makikita ni PETER na papalingon na si EDDIE sa kanya. Agad namang titingnan ni PETER ang JANITOR na nakahulog ng mop.

PETER
Puwede ba huwag kayo tumili-tili, like school girls. Let’s be professional here.

Makikita ni PETER na nakatingin na sa kanya si EDDIE. Mapapailing na lang si PETER na pinaninidigan ang pagkukunwaring inis sa JANITOR.

Magpapatuloy na sa paglalakad si EDDIE at susunod sa kanya si PETER.

Pupulutin naman ng JANITOR ang nahulog na mop at tahimik na matatawa siya habang nakatingin sa mga kasamahan na nagpipigil na matawa rin.

CUT TO:

9 **INT. FPSPA - BOARD ROOM - DAY, LATER.** 9

Nakatayo sa may harap ng screen si PETER kung saan naka-flash ang PowerPoint slide na entitled, “PAPAL VISIT SECURITY DETAIL.” Nakikinig kay PETER si EDDIE at ang board members ng kumpanya, sina retired GENERAL CASTRO (70s), retired GENERAL DEL MUNDO (70s), former SENATOR SANTOS (60s), at former CONGRESSMAN REYES (60s). Magkakahulma ang kanilang itsura, mga mukhang D.O.M.

GENERAL CASTRO
Ga’no ka ka-confident na ibibigay sa atin ang kontrata para sa Papal visit sa Manila?

PETER
Well, General, with our beloved Chairman personally going to the Vatican next week, and the help of my mother’s connections to the Papal Nuncio, masasabi kong we’re 99 percent sure na masasara natin ‘to.

SENATOR SANTOS
Ninety-nine percent? Ano ‘yung one-percent na puwede nating ikatalo?

PETER
If the Vatican discovers something morally questionable with our organization.

GENERAL DEL MUNDO
O, Congressman, iwasan mo muna ang pagpunta sa nightclub.

Matatawa si CONGRESSMAN REYES.

CONGRESSMAN REYES
Ba't ako lang?! Dapat behave lahat! Itago niyo muna lahat ng number two ninyo.

Magtatawanan ang board members at si EDDIE.

EDDIE
Naku, ang daming itatago ni General Castro...

SENATOR SANTOS
Three, four, five, six.

Hahagalpak sa kakatawa ang lahat ng kalalakihan sa kuwarto maliban lang kay PETER na pilit na ngingiti lang.

GENERAL CASTRO
Well, I have no problem with the proposal. I move the motion to approve the budget requested by Peter.

CONGRESSMAN REYES
Second the motion.

PETER
Thank you, gentlemen. If there are no other concerns then we can---

EDDIE
Sandali lang, may gusto lang akong i-bring up before we adjourn.

Magtataka at magugulat si PETER sa pagsalita ni EDDIE. He has no idea what EDDIE has to say.

EDDIE (CONT'D)
Gusto ko lang abisuhan kayong lahat that after ko masarado ang kontrata ng Papal visit ay magre-retiro na ko.

Magugulat ang lahat, lalo na si PETER.

GENERAL DEL MUNDO
Sino ang balak mong ipalit, Mr Chairman?

EDDIE
Si Peter.

SENATOR SANTOS
Sir, baka mas maganda na ang successor mo has a military background. Gaya mo.

EDDIE
Bullshit! Alam ni Peter ang inside and out ng business na ‘to. Besides, he’s the Chief Operating Officer, natural lang na siya ang papalit sa ‘kin.

Mapapansin ni PETER na nagtitinginan sa isa’t isa ang mga members of the board. Halatang may gustong sabihin na takot sabihin.

EDDIE (CONT’D)
Ano ba’t tinginan kayo ng tinginan? Kung may problema kayo, sabihin niyo, para naman kayong mga bakla.

Hindi mapigilang mapahagikgik ni CONGRESSMAN REYES.

PETER
Nagulat lang kami sa sinabi niyo, Sir.

EDDIE
Basta, as chairman and CEO of this company, sinasabi ko sa inyo, si Peter ang papalit sa akin sa pag-retiro ko.

Makikita ni PETER na nagtitimpi lang ang mga board members. Ngingiti si PETER pero bakas ang takot sa kanyang mga mata.

CUT TO:

10 **EXT. FPSPA - BACK AREA - DAY, LATER.** 10

Nanlilisik ang mata ni PETER at mabilis na humihinga sa isang paperbag, nagha-hyperventilate sa inanunsyo ng kanyang ama. Biglang magva-vibrate ang cellphone niya. He stops and grabs his phone from his pocket. Makikita niya sa caller ID ang pangalan ni CALVIN. He answers the call.

CALVIN (V.O.)
Momsh, nasa’n ka? Daan ka naman ‘maya sa cafe, may papa-try lang ako sa greatest critic ko.

PETER
Calvin...medyo...this is not the right time...

CALVIN (V.O.)
Ba’t parang nahuhulas ka? Okay ka lang ba?

PETER
Hindi! Si Dad kasi...nagpasabog Sa board meeting...

CALVIN (V.O.)
Anong sabi?

Makikita ni PETER na bubukas ang pinto sa may back exit ng building. Papalabas mula sa building sina GENERAL CASTRO, GENERAL DEL MUNDO, SENATOR SANTOS, at CONGRESSMAN REYES para manigarilyo.

PETER
Ikukuwento ko na lang sa ‘yo mamaya. Bye.

PETER immediately ends the call. Magtatago si PETER para hindi makita ng mga board members.

SENATOR SANTOS
Ba’t hindi ka kasi nagsalita?

GENERAL CASTRO
Hinihintay ko si General Del Mundo ang mag-bring up.

GENERAL DEL MUNDO
Gago ka ba?! Kahit ba 80-plus na si General Faron e kaya pa rin ako patayin no’n with his bare hands. Tumawa pa ‘tong si Congressman Reyes.

CONGRESSMAN REYES
Sorry, na.

SENATOR SANTOS
Valid naman concern natin. Isipin mo kung isang bakla ang maghe-head ng agency natin. Pa’no na ‘yung image ng business natin.

GENERAL CASTRO
Malay mo naman, may bagong strategy i-introduce si Peter. Baka turuan niyang mangurot at manabunot ang mga guards.

GENERAL DEL MUNDO
Basta ‘pag naging baklaan na ‘tong organisasyong ‘to eh bahala na kayo diyan. Hindi ko sasayangin ang pera ko dito.

GENERAL CASTRO
Sino ba? Si General Faron lang naman ang hindi alam na bakla ang anak niya.

SENATOR SANTOS
Sigurado ba kayong hindi bulag si Sir Eddie?

Magtatawanan ang mga board members, manililiit naman si PETER sa kanilang mga halakhak.

CUT TO:

11 **EXT. SHOOTING RANGE - DAY, LATER.** 11

Kaharap ni PETER si EDDIE na naghahanda para sa pagsu-shooting.

PETER
Pero may point din naman ‘yung board na maganda sa image ng agency kung may military background ang papalit sa ‘yo.

EDDIE
Ako ang image ng Faron Security, kaya isang Faron din ang dapat pumalit sa ‘kin.

Hinahanda na ni EDDIE ang kanyang baril.

PETER
Pero, Sir, kailangan ba talaga mag-step down ka na agad? Baka puwedeng mag-extend ka pa ng two to three years para sa mas smooth na transition.

Mapapahalinghing na lang si EDDIE.

EDDIE
Peter, your mom and I are not getting any younger. Alam mo naman kung ga'no kalaki ang sinakripisyo ng Mama mo para matayo ko ang kumpanyang 'to. I just want to spend more time with her. Deserve niya 'yun.

Matitigilan si PETER at tatahimik na. Magsusuot ng protective glasses si EDDIE at magsisimula ng mag-practice shooting. Even at his age, sharpshooter pa rin siya.

CUT TO:

12 **INT. DE VIVRE CAFE - DAY, LATER.** 12

Makulay at kitschy ang buong cafe. May mangilan-ngilang customers dito na ngingitian ni CALVIN (Late 30s) na nanggaling sa kitchen. Naka-caftan si CALVIN at motherly ang dating kahit na hindi pa naman siya katandaan. Lalapitan niya ang mga CUSTOMER na mga college students at yuppie ang itsura.

Mapapadaan si CALVIN sa isang table kung saan abala ang mga customers na nagti-TikTok at sinasayaw ang **See Tinh (Remix).**

CALVIN walks towards a corner where an enclosure blocks its view. Nandito si PETER na tulala pa rin. Mapapansin ni CALVIN na may isang kagat lang ang cupcake na pinapa-taste test niya sa kaibigan.

CALVIN
Gan'on ba ka-chaka 'yung cupcake?

Saka lang matatauhan si PETER.

PETER
No, no. Okay naman siya. Bawasan mo lang ng sugar.

CALVIN
Wala ka pa rin sa element dahil sa pasabog ni General Eddie? Ba't ka ba ume-eme? Buhay mo na nga 'yang trabaho mo, tapos ngayong binibigay na sa 'yo ang keys to the kingdom, ayaw mo pa.

PETER
Hindi kasi papayag ‘yung board...kung nadinig mo lang pinagsasabi nila---

CALVIN
Ano? Na bakla ka? Na alam mo kung ilang seconds sa isang taon? Ang lyrics sa lahat ng kanta ni Barbra Streisand? At kung sino ang mga nagwagi ng Miss Universe from 1969 to present?

Mapapabuntong-hininga na lang si PETER.

CALVIN (CONT’D)
Eh ano naman ngayon?! Diyos ko, kaya lang naman sila ganyan kasi ‘yun lang ang mapipintas nila sa ‘yo.

PETER
Gusto mo bang mamatay si Eddie?

CALVIN
Eh ikaw? Gusto mo bang mamatay na nagtatago lang? Aparador for life, Momsh? Mukha ka na ngang moth ball.

Matatahimik si PETER.

PETER
Okay naman na ko, Calvin, tanggap ko ng napaglipasan na ko ng panahon. Ang importante lang e hindi ko masira ang reputasyon ni Eddie.

Mapapabuntong-hininga si CALVIN.

CALVIN
Basta ‘pag in-okray ka ng mga kulubot na bilat na ‘yun e reresbakan kita, kasi kahit babakla-bakla ako kaya ko pa ring jombagin mga ‘yun.

Matatawa si PETER.

PETER
Sige Calvin, titimbrehan kita ‘pag kailangan ko ng saklolo.

CALVIN
Sak-lolo? Eeew, ayoko ng matanda.

Matatawa si PETER. Magtatawanan ang magkaibigan.

CUT TO:

13 **INT. FARON RESIDENCE - LIVING ROOM - THAT NIGHT.** 13

Madadatnan ni PETER ang pagdadasal ng rosaryo ni LOURDES kasama ang iba pa niyang mga kaibigan. Dahan-dahan siyang dadaan, hoping na hindi siya mapansin.

Pero matitigilan si LOURDES nang masilayan niya ang anak. Titingin si LOURDES sa isa sa mga kasamahan niya.

LOURDES
Ituloy niyo lang.

Tatayo si LOURDES at sabik na yayakap kay PETER.

LOURDES (CONT'D)
Nabalitaan ko na in-announce na ng Papa mo ang pag-retire niya.

PETER
Opo, Ma.

LOURDES
Congratulations, anak. All your hard work is about to pay off na.

Pilit na ngingiti lang si PETER. Mapapansin ito ni LOURDES.

LOURDES (CONT'D)
May problema ba?

PETER
Wala, Ma. Excited din ako.

Pero hindi naniniwala si LOURDES. Hahatakin niya si PETER papasok sa malapit na kuwarto.

CUT TO:

14 **INT. FARON RESIDENCE - DEN - NIGHT.** 14

Agad na isasara ni LOURDES ang pinto at haharapin si PETER.

LOURDES
Bakit, anak?

Tatawa-tawa lang si PETER tinatago ang kanyang nararamdaman.

PETER
Wala nga, Ma.

Pandidilatan ni LOURDES si PETER.

LOURDES
Peter.

Mapapabuntong-hininga si PETER.

PETER
Kinakabahan lang po ako. Parang hindi pa ko handa.

LOURDES
Anak, alam mo naman kung ga'no ka-importante sa Papa mo ang negosyo niya. Kaya hindi niya basta-basta ibibigay sa 'yo 'yun kung hindi siya naniniwala sa kakakayahan mo.

PETER
'Yun nga kinatatakot ko, Ma. Ayokong i-disappoint siya. Kayo.

Mapapangiti si LOURDES at hahawakan ang kamay ni PETER.

LOURDES
You have not, and will not ever disappoint us, anak.

Hahawakan ni LOURDES ang mukha ni PETER.

LOURDES (CONT'D)
Ba't mo ba naisip 'yun?

Tahimik na titingin si PETER kay LOURDES.

Si LOURDES naman nakangiti lang sa anak, pinagmamasdan ang kanyang mga mata.

PETER
Wala, Ma. Siyempre I have big shoes to fill.

LOURDES
Hindi mo naman kailangan isipin 'yun, anak.
(MORE)

LOURDES (CONT'D)
You are your own man, ibang sapatos ang ilalakad mo, at alam namin ng Papa mo 'yun. You just have to be confident in yourself. The same confidence we have with you.

Mapapangiti na si PETER.

PETER
Thank you, Ma.

Tatango si LOURDES, habang patuloy na tinintingan ang mga mata ni PETER.

LOURDES
Anak, kung may gusto ka pang sabihin sa 'kin---

PETER
Wala na, Ma. I'm fine. Thank you.

PETER smiles at LOURDES and takes her arm as he leads her outside the room.

CUT TO:

15 **EXT. FPSPA - FIELD - DAY.** 15

Nakaupo ang mga board members, si EDDIE at ang CARDINAL na nakaharap sa field. Lalapit si PETER na kinakamayan ang CARDINAL at hinahalikan ang singsing nito.

PETER
Good morning, Cardinal. Thank you po for coming.

CARDINAL
Of course, I am eager to see kung anong ie-expect namin when it comes to the security of the Pope.

EDDIE
Sige, Peter, pakita mo na sa 'min kung anong inihanda mo.

Nakangiting tatango si PETER habang mauupo na ang CARDINAL, si EDDIE at ang board.

PETER
Your eminence, I am proud to present to you the elite security of Faron Prime.

Biglang papasok ang mga nagsisitikas na mga security ng FPSPA. Para silang mga sundalo kung pumarada at bigla silang hihinto.

Impressed ang CARDINAL at maski si EDDIE. Mapapangiti si PETER na makitang masaya si EDDIE.

Biglang may tutugtog, **Ting Ting (Remix)** na biglang isasayaw ng mga security. Parang Sexbomb dancers kung sumayaw at gumiling ang mga bortang security.

Proud si PETER pero pagtingin niya ay makikita niyang nagfi-freak out na ang CARDINAL.

CARDINAL
What the fuck?!!!

Kakabahan si PETER. Makikita niyang nagtatawanan ang mga board habang si EDDIE namumula sa galit at akmang pasigaw na.

CUT TO:

16 **INT. FARON RESIDENCE - PETER'S ROOM - NIGHT.** 16

Mapapaupo si PETER sa bangungot niya. Mapapakapit siya sa dibdib at hinahabul-habol ang kanyang paghinga.

Mapapailing na lang si PETER at tatayo. Hulas siyang lalabas ng kuwarto.

CUT TO:

17 **INT. FARON RESIDENCE - KITCHEN - NIGHT.** 17

Pailing-iling pa rin si PETER habang naglalakad, hindi pa rin maka-get over sa nightmare niya. Makikita ni PETER na bahagyang nakabukas ang refrigerator. Maglalakad siya papunta rito.

PETER
Sino naman nakaiwan nito---

Matitigilan si PETER. Makikita niyang nakahandusay si LOURDES sa may sahig at nakaipit ang braso sa refrigerator kaya ito naiwang bukas.

PETER (CONT'D)
Ma?!

Agad na luluhod si PETER at aakakapin si LOURDES na walang malay.

PETER (CONT'D)
Ma! Gising, Ma....Ma!!!

He checks her pulse. No pulse. Titingin si PETER sa paligid.

PETER (CONT'D)
Tulong!!!

CUT TO:

18 **INT. FUNERAL HOME - DAY, SEVERAL DAYS LATER.** 18

May malaking portrait ni LOURDES sa tabi ng kabaong niya. Punung-puno ng mga bulaklak ang kuwarto, nag-uumpaw sa dami ng nagpadalang korona. Marami ring tao ang nakikiramay, karamihan mga senior citizens na.

Kasama ni EDDIE ang mga kaibigan niya't colleagues na panay mga kalalakihan. Si PETER naman, nasa kabilang sulok kasama ang mga kumare ni LOURDES na pawang naka-puti at may suot na mga crucifix.

KUMARE #1
Hindi pa rin ako makapaniwalang gano'n ka-bilis ang nangyari. Wala namang sinasabi si Lourdes na nararamdaman siya.

KUMARE #2
Ganyan naman talaga si Lourdes, hindi talaga nagsasabi kahit may iniinda na.

KUMARE #3
Ang importante e mabilis lang ang lahat. Gusto ko rin mawala ng ganyang, isang atake lang sa puso, tapos na.

KUMARE #1
Sayang lang at hindi na inabutan ni Lourdes ang pagpapakasal mo, Peter.

KUMARE #2
Oo nga, sayang talaga. Apo na lang ang kulang sa buhay ni Lourdes.

PETER politely smiles at them.

CUT TO:

19 **INT. FUNERAL HOME - HALLWAY - NIGHT, LATER.** 19

Hinahatid ni PETER papalabas si EDDIE na kasama ang DRIVER nito.

EDDIE
Sigurado ka bang dito ka na muna matutulog?

PETER
Oo, Sir, last night na rin kasi ni Mama, baka biglang may dumaan pa mamaya. At least may tao para mag-entertain sa kanila.

EDDIE
Sige. I'll see you tomorrow.

PETER
Okay po.

Tatango si EDDIE kay PETER at maglalakad na paalis. Susunod kay EDDIE ang kanyang DRIVER.

Si PETER susundan lang ng tingin si EDDIE. Malulungkot siyang makitang mag-isang naglalakad ang kanyang ama, pero somehow parang okay lang kay EDDIE ang lahat.

Magri-ring ang cellphone ni PETER makikita niyang si CALVIN ang tumatawag. Sasagutin ito ni PETER.

CALVIN (V.O.)
Momsh, nandiyan ka pa ba?

PETER
Oo, pero marami pang tao dito, hindi kita maasikaso.

CALVIN (V.O.)
Gano'n ba? O sige, Momsh, tawag ka lang kung may kailangan ka ha.

PETER
Oo, salamat, Calvin.

PETER ends the call, and looks guilty for lying to CALVIN.

CUT TO:

20 **INT. FUNERAL HOME - NIGHT.** 20

Dahan-dahang papasok si PETER sa kuwarto at tititigan ang kabaong ni LOURDES at ang magandang letrato niya sa tabi nito. Ngayong mag-isa na lang si PETER nagsi-sink in na wala na talaga ang kanyang ina kaya ang bawat tapak niya patungo sa kabaong ay sobrang bigat.

Tititigan ni PETER ang kanyang ina sa kabaong. Pigil na pigil si PETER sa pag-iyak.

PETER

Ma, sorry...I'm so sorry na hindi ko nasabi sa 'yo ang dahilan kung ba't takot na takot akong ma-disappoint kayo sa akin...kasi for the first time, hindi ko alam kung pa'no aayusin 'tong problema ko...kasi---

PETER tries to compose himself.

PETER (CONT'D)

Kasi, Ma, bakla ako. And I'm so sorry na naging ganito ako.

DISSOLVE TO:

21 **INT. CEMETERY - FARON MAUSOLEUM - NEXT DAY.** 21

Patuloy na tatawid ang boses ni PETER.

PETER (V.O.)

Pero I promise you na hindi ko naman kayo binigo. Nilabanan ko ang nararamdaman ko para sa ibang lalaki, and now that you're gone magfo-focus na lang ako sa pag-aalaga kay Papa.

Nilalagay na sa nitso ang kabaong ni LOURDES habang sina EDDIE at PETER ay kalmadong pinapanood lang ito.

PETER (V.O.)

Babawi ako sa inyo, Ma. Hindi ko kayo bibiguin sa mga plano niyo sa 'kin ni Papa. Kahit pa'no makabawi man lang ako sa inyo sa pagkukulang ko as a son.

Pensive ang mukha ni EDDIE pati ni PETER. Pero tinatago ni PETER ang sakit na kanyang nararamdaman, at binubuhos na lamang ang lahat ng kinukubling damdamin sa nakabulsa niyang kamay.

CUT TO:

22 **INT. FARON RESIDENCE - DAY, LATER.** 22

Tahimik na papasok sina EDDIE at PETER.

EDDIE
Pina-move ko na flight ko papuntang Europe bukas.

PETER
Bakit, Sir?

EDDIE
Gusto ko ng umpisahan ang negotiations for the Papal Visit.

PETER
Anong oras po flight niyoo?

EDDIE
Seven-thirty, so hahatid na ko ng driver ng madaling araw. Hindi mo na ko kailangan samahan. Kakayanin mo bang to hold office habang wala ako.

PETER
Yes, Sir.

EDDIE
Good. Mage-empake na muna ko.

Tatango si PETER at mauuna nang maglakad si EDDIE papunta sa kuwarto niya.

CUT TO:

23 **INT. FARON RESIDENCE - PETER'S ROOM** 23

Nagmamadaling papasok si PETER sa kuwarto at agad isasara ang pinto. Hahagulgol si PETER, ngayon na niya ibubuhos ang tinimping hikahos sa paglisan ni LOURDES.

CUT TO:

24 **INT. THEATER - NIGHT.** 24

Nakapikit si PETER nang biglang may malakas na music na gigising sa kanya. Ang kanta, **The Last Dance** ni Donna Summer.

Pagdilat ni PETER magugulat siyang nasa teatro siya. Mag-isa lang siya dito habang may entablado sa harap na may makinang na production design. Similar sa isang 80s noon-time show, mala-GMA Supershow.

Nagtataka si PETER pero biglang may maglalabasan na mga drag queens na nili-lipsync at sinasayaw ang masayang music. Mula sa pagtataka, magsisimula ng maaliw si PETER. Mapapangiti siya't ie-enjoy ang performance ng mga nagagandahan at flamboyant drag queens.

Pero sa gitna ng awitin biglang titigil ang mga drag queen at sabay-sabay na titingala sa stage. Mula sa gitna bababa ang isang disco ball at nakasakay dito si LOURDES na buhay na buhay at naka-70s costume rin.

Magugulat si PETER at maiiyak sa tuwang makita ang kanyang ina looking so lively. Hindi niya mapigilan ang sariling umakyat ng stage at yakapin nang mahigpit si LOURDES.

PETER
I missed you so much, Ma.

LOURDES
Ako rin, anak. Ako rin.

PETER
Ayokong magising, Ma. Gusto pa kita makasama.

LOURDES
Ako rin naman, anak. Pero tapos na ang oras ko. Kaya lang ako bumisita sa 'yo kasi gusto ko sabihing nadinig ko ang sinabi mo sa 'kin.

Matitigilan si PETER. Alam ni PETER na ang confession niya sa pagiging bakla ang tinutukoy ni LOURDES.

PETER
Ma, I'm---

Tatakpan ni LOURDES ang bibig ni PETER.

LOURDES
Hindi, anak, ako ang dapat nagso-sorry sa 'yo. Kasi inakala mong may pagkukulang ka.
(MORE)

LOURDES (CONT'D)
Pero nagkakamali ka, anak, maling-mali. Ikaw ang binigay ng Diyos sa akin, at hindi siya nagkakamali.

Maiiyak sa tuwa si PETER sa sinabi ni LOURDES at yayakapin nang mahigpit ang ina.

LOURDES (CONT'D)
Ako ang nagkulang, dahil natakot kang maging kung sino ka talaga. At dahil do'n pinanood mo lang ang buhay na dapat naranasan mo.

PETER
Okay lang, Ma, okay lang---

LOURDES
Hindi, anak. Hindi okay 'yun, kaya naman humiling ako sa taas na bigyan ka ng chance na mabuhay sa kung sino ka.

Magtataka si PETER sa sinasabi ni LOURDES.

LOURDES (CONT'D)
Buti na lang malakas ako sa Kanya at bihira ako humiling, kaya naman bibigyan ka Nila ng 40 days para maranasan mo ang buhay mong kinubli.

PETER
Hindi kita maintindihan, Ma.

LOURDES
Malaya ka ng maging kung sino ka, anak.

Hahawakan ni LOURDES ang mukha ni PETER at hahalikan siya.

LOURDES (CONT'D)
I love you, my son.

PETER
Mahal na mahal din kita, Ma. Please don't go.

LOURDES
Andito lang ako palagi, anak.

Biglang may malakas na sinag ang sisilaw kay PETER.

CUT TO:

25 **INT. FARON RESIDENCE - PETER'S ROOM - NEXT DAY.** 25

Didilat si PETER pero mga mata lang niya ang ating makikita. Nasisilaw si PETER sa sinag ng araw. Tatayo siya't maglalakad papuntang banyo, pero may ibang saya siya ngayon. Pinipito pa niya ang **Last Dance** habang papunta sa banyo.

CUT TO:

26 **INT. FARON RESIDENCE - PETER'S ROOM - BATHROOM - DAY.** 26

Naghuhubad na si PETER ng damit at mapapadaan sa salamin. Mamamalikmata siya sa kanyang nakita na parang ibang tao ang nasa repleksyon ng salamin. Matitigilan si PETER at mapapatingin uli sa salamin. Magugulat si PETER na makita ang repleksyon niya pero bilang 25-years old.

(NOTE: From now on the character of 25-year old PETER will be referenced as PERTEE)

CUT TO:

27 **INT. FARON RESIDENCE - LIVING ROOM - DAY.** 27

Tahimik na naglilinis ang mga KASAMBAHAY nang madinig nila ang sigaw ni PERTEE. Magugulat sila at magtitinginan.

CUT TO:

28 **INT. FARON RESIDENCE - PETER'S ROOM - BATHROOM - DAY.** 28

Tulala si PERTEE na tinitingnan ang repleksyon niya sa salamin, hinahawakan ang kanyang mukha. Hindi makapaniwala sa kanyang nakikita.

PERTEE
Anong nangyayari? Patay na ba ko?

May kakatok sa pinto ng bedroom niya.

KASAMBAHAY
Sir Peter, okay lang po kayo?

PERTEE
Oo...

Matitigilan si PERTEE nang madinig niya ang ibang timbre ng boses. Bahagyang bababaan niya ang boses.

PERTEE (CONT'D)
Malamig lang 'yung tubig. Sige na, bababa na ko.

Natatarantang lalabas si PERTEE ng banyo.

CUT TO:

29 **INT. CALVIN'S CONDO - DAY.** 29

May dalang yoga mat si CALVIN at kinukuha lang ang kanyang mga susi, bag, at water flask. Papalabas na dapat siya nang mag-ring ang kanyang cellphone. Sasagutin niya ito.

CALVIN
Hello, Momsh?

INTERCUTTING WITH:

30 **INT. FARON RESIDENCE - PETER'S ROOM - WALK-IN CLOSET - DAY.** 30

Natatarantang naghahanap ng damit si PERTEE habang kausap si CALVIN.

PERTEE
Nasa'n ka?

CALVIN
Nasa condo pa, pero papunta akong gym.

PERTEE
Hintayin mo ko diyan, please.

CALVIN
Momsh, may ie-eyeball ako sa yoga class. Puwede bang mamaya na tayo mag-meet?

May itatabing gym shorts, cap, at rubber shoes si PERTEE.

PERTEE
Emergency lang, Calvin. Please, papunta na ko diyan.

Magbubuntong-hininga si CALVIN.

CALVIN
Mmm...sige na.

PERTEE ends the call. Mabubuwisit siya sa pare-parehong mga damit niya.

PERTEE
Putang-ina, ba't pare-pareho mga damit ko?!!!

Sa kasuluk-sulukan may mahahanap si PERTEE na raincoat na itim. Kukunin ito ni PERTEE at titingnan.

CUT TO:

31 **INT. FARON RESIDENCE - LIVING ROOM - DAY.** 31

Nakasuot ng raincoat, cap, at shorts si PERTEE na nakatungo't nagmamadali sa paglakad. Dadaanan niya pero hindi titingnan ang mga KASAMBAHAY na titigil sa pagtrabaho para batiin siya.

MGA KASAMBAHAY
Good morning po sir.

Makakalabas na si PERTEE.

CUT TO:

32 **EXT. FARON RESIDENCE - DAY.** 32

Matitigilan si PERTEE dahil ang mga nakabantay na SECURITY, HARDINERO, at mga DRIVER ay pawang nakatingin sa kanya.

Titigil sa paglilinis ng kotse ang DRIVER NI PETER at lalapit sa kanya.

DRIVER NI PETER
Alis po tayo, ser?

Lalayo si PERTEE sa kanyang DRIVER para hindi siya mapansin. Tutungo siya't sisiguraduhing hindi siya makikita nito.

PERTEE
Hindi. Ako lang aalis. Diyan ka lang.

Magmamadali si PERTEE papunta sa gate.

Maglalabasan na ang MGA KASAMBAHAY at susundan ng tingin si PERTEE. Magtataka sila lahat sa ibang kinikilos ng amo.

Pagdating ni PERTEE sa gate ay lalapit sa kanya ang SECURITY sa gate.

PERTEE (CONT'D)
Buksan mo 'yung gate.

SECURITY
Kayo lang po?

PERTEE
Oo. Magja-jogging lang ako.

SECURITY
Ra-radyo lang po ako ng bodyguard na makakasama niyo.

Aangat ng one octave higher ang boses ni PERTEE dahil sa stress.

PERTEE
LETSE, BUKSAN MO 'YUNG GATE KO!

Matatarantang bubuksan ng SECURITY ang gate at kakaripas ng takbo si PERTEE.

CUT TO:

33 **EXT. KALYE - DAY.** 33

Hihingalin  sa katatakbo ni PERTEE at titigil. Lilingon siya sa likod, tinitingnan kung may mga staff siyang sumunod sa kanya. Hinahabol ni PERTEE ang kanyang hinga nang may makita siyang taxi.

PERTEE
Taxi!!!

Hihinto ang taxi at mabilis na sasakay si PERTEE.

CUT TO:

34 **INT. CALVIN'S CONDO - DAY, LATER.** 34

Pagbubuksan ng pinto ni CALVIN si PERTEE nang hindi man lang siya tinitingnan.

CALVIN
Alam kong may pinagdadaanan ka Momsh, pero alam mo namang last month ko pa sina-sight 'tong si Mr. Yoga.

Maglalakad papuntang sofa si CALVIN, hindi man lang niyang nakita ang itsura ni PERTEE na nakasuot pa rin ng hood at cap. Agad na isasarado ni PERTEE ang pinto at ibababa ang hood at tatanggalin ang suot niyang cap.

CALVIN (CONT'D)
Ano ba 'yang emergency mo?

Haharap na si CALVIN kay PERTEE at magugulat siya sa makikita.

CALVIN (CONT'D)
SINO KA?!!! GUARD!!! GUARD!!!

Sesenyas si PERTEE kay CALVIN na tumahimik.

PERTEE
Calvin, si Peter 'to!

Kukuha si CALVIN ng pinakamalapit na bagay na madadampot niya. Isang cuticle pusher remover.

CALVIN
Huwag kang lalapit.

Makikita ni PERTEE ang hawak ni CALVIN na pinansisindak sa kanya. Lumalapit si PERTEE kay CALVIN, habang nagmo-move sila parehong toward sa kusina.

PERTEE
Anong gagawin mo? Tatanggalan ako ng cuticle.

Saka lang mare-realize ni CALVIN kung ano ang hawak niya at biglang hahablot ng kutsilyo sa may kusina at itututok kay PERTEE, ang problema bread knife ang mahihila niya.

PERTEE (CONT'D)
Gagawan mo ko ng toast?

Ibabato ni CALVIN ang bread knife kay PERTEE at kakaripas ng takbo papunta sa may pinto. Tatalon si PERTEE para maharangan at mapigilan si CALVIN.

CALVIN
Putang-inang bilat ka, alam kong mga modus niyo. Umalis ka na dito bago pa ko tumawag ng pulis!

Hihila uli ng maaring panangga si CALVIN, this time isang golf umbrella naman ito.

PERTEE
Maniwala ka Calvin, ako si Peter, bumata lang ako. Hindi ko alam kung pa’no nangyari ‘to pero paggising ko ganito na ako.

CALVIN
(to outside)
Mga kapitbahay!!! Tulunga niyo ko!!! Tulungan niyo ko!!!

Lalayo si CALVIN kay PERTEE. Hahabul-habol naman si PERTEE sa kanya.

PERTEE
Po-prove ko sa ‘yong ako si Peter. Nag-start friendship natin kasi madalas ako pumunta sa cafe until ni-reto mo sa ‘kin ‘yung guwapong waiter niyo at na-offend ako, tapos saka mo lang nalaman na hindi pa ko out.

CALVIN
Kanino mo nalaman ‘yan? Anong ginawa mo kay Peter?

PERTEE
Ako nga kasi si Peter!

Biglang bubuksan ni CALVIN ang payong out of desperation na maprotektahan lang siya.

CALVIN
Guard! Pulis! Mga kapitbahay! SAKLOLO!!!

PERTEE
Saklolo? Eeew...ayoko ng matanda.

Magugulat si CALVIN sa sinabi ni PERTEE at isasara ang payong.

CALVIN
Peter?

CUT TO:

35 **INT. CALVIN'S CONDO - DAY, LATER.** 35

Nagha-hyperventilate si PERTEE sa may paper bag. Si CALVIN nakatitig lang kay PERTEE hindi pa rin makapaniwala sa kinuwento sa kanya ng kaibigan.

CALVIN
Iba talaga ang clout ng madir mo sa langit, isipin mo napabata ka niya.

PERTEE
Ba't parang natutuwa ka pa? Pa'no ako papasok ng ganito sa opisina? Forty days pa bago ako bumalik sa dati.

Magsasalita dapat si CALVIN, pero may maiisip si PERTEE.

PERTEE (CONT'D)
Baka puwedeng mag-work from home ako. Sabihin ko, hindi ko pa kayang pumasok dahil sa nangyari kay Mama.(beat) Pero hindi ako puwede mag-stay sa bahay, mahuhuli't mahuhuli ako ng mga staff namin.

Akmang magsasalita uli si CALVIN, pero mapapa-snap si PERTEE.

PERTEE (CONT'D)
Alam ko na! Sasabihin ko na lang sa office na do'n sa house namin sa Romblon ako magste-stay. Walang tao do'n at isolated, walang makakaalam na nando'n ako, and beliveable pang do'n ako pupunta para mag-grieve. (beat) Pero sa'n ako magste-stay in the meantime?

CALVIN
Dito. Diyan ka muna sa guest room ko.

PERTEE
Talaga, Calvin?

CALVIN
Oo naman.

Pero hindi pa rin mapakali si PERTEE.

PERTEE
Thanks, pero tingin ko hindi magwo-work.
(MORE)

PERTEE (CONT'D)
Ba't ba kasi nangyari pa 'to ngayon? Ngayon pa talaga!

Biglang sasampalin ni CALVIN si PERTEE. Magugulat si PERTEE na mapapahawak na lang sa pisngi in shock.

Hahatakin ni CALVIN si PERTEE papuntang salamin. Ihaharap ni CALVIN si PERTEE sa reflection niya.

CALVIN
Tingnan mo nga itsura mo! Sa bilyung-bilyong tao sa mundo ikaw lang ang binigyan ng pagkakataong bumata uli. Momsh, langit na nagsasabing puwede kang maging bakla, ikaw pa talaga ang inis. Deserve mong masampal ng matauhan ka!

Matatahimik si PERTEE habang tinititigan ang sarili sa salamin.

CUT TO:

36 **INT. FPSPA - PETER'S OFFICE - DAY, LATER.** 36

Abala sa pagta-type sa computer ang secretary ni PETER na si MONA. Magri-ring ang office phone and sasagutin niya ito.

MONA
Good morning, Peter Faron's office.

PERTEE (V.O.)
Hello, Mona, I won't be able to go to office today dahil umuwi muna ako sa bahay namin sa Romblon. I've decided to work here muna.

MONA
Okay po, Sir.

PERTEE (V.O.)
Na-inform ko na rin lahat ng members ng board about this, so please cancel all my meetings in the meantime.

MONA
Yes, sir. Noted po.

CUT TO:

37 INT. **CALVIN'S CONDO - DAY.** 37

Nasa cellphone si PERTEE habang si CALVIN ay nasa ‘di-kalayuan niya’t may kausap din sa cellphone.

PERTEE
Thank you, Mona.

PERTEE ends the call. Si CALVIN sakto ring matatapos sa kausap niya.

CALVIN
Kakadating lang no’ng driver mo sa cafe, dala na raw lahat ng binilin mong gamit.

Tatango si PERTEE. Mapapaisip siya.

PERTEE
Okay, check na ‘yung office. Nakausap ko na ‘yung staff sa house. Emailed na rin ‘yung board at si Eddie tungkol sa 40-day leave ko. May nakalimutan pa ba kong ayusin?

CALVIN
Parang wala naman na.

Tatango si PERTEE.

PERTEE
So, ano na gagawin natin ngayon?

Tititigan ni CALVIN ang pananamit ni PERTEE.

CALVIN
Simulan natin sa ichu mo.

CUT TO:

38 **INT. MALL - DAY, LATER.** 38

MONTAGE:

<u>DEPARTMENT STORE</u>

Magkasama sina PERTEE at CALVIN na tumitingin ng damit sa Men’s section. Mapapansin ni CALVIN na panay puti na polo na naman ang tinitingnan ni PERTEE. Maiinis si CALVIN at hihilahin siya palayo dito.

CALVIN brings PERTEE sa section for young adults. Pipilitin ni CALVIN si PERTEE na i-try ang shirts na mas fit at makulay, yung uso sa age niya.

Sa una tatanggi si PERTEE pero pagtutulakan siya ni CALVIN sa fitting room.

PERTEE fits the shirts that CALVIN chose for him and likes what he sees in the mirror.

SALON

Nagbibilin si CALVIN sa HAIRDRESSER ng particular style na gusto niya para kay PERTEE. Tatango ang HAIRDRESSER at sisimulan ang pag-style sa buhok ni PERTEE.

PERTEE likes his new ‘do.

NAIL SALON

Nagpapa-manicure habang nagfo-foot spa sina PERTEE at CALVIN.

DERMATOLOGIST CLINIC

Sinamahan din ni CALVIN si PERTEE para magpa-facial.

Matapos puntahan ang iba’t ibang shops makikitang masayang rumarampa si PERTEE kasama si CALVIN with all the shopping bags.

Mas fresh at guwapo na si PERTEE ngayon at pagtitinginan siya ng ibang mga kalalakihan habang rumarampa sila. Sisikuhin ni CALVIN si PERTEE at mapapangiti na lang si PERTEE sa atensyong nakukuha niya.

CUT TO:

39 **INT. MALL - COFFEE SHOP - THAT NIGHT.** 39

Umiinom ng kape sina PERTEE at CALVIN. Mapapansin ni CALVIN na may dadaan na lalaki na mapapatitig na naman kay PERTEE. Ngunguso si CALVIN sa lalaking tumititig sa kanya. Matatawa na lang si PERTEE.

CALVIN
Unting makeover palang ‘yan ang dami ng suma-sight sa ‘yo, pa’no pa kung um-all out ako.

PERTEE
Huwag na, happy na ko dito. Tsaka babayaran ko lahat ng ‘to.
(MORE)

PERTEE (CONT'D)
Hindi ko lang talaga kasi magamit credit card ko kasi baka magtaka office kung bakit sa Manila naka-charge eh dapat nasa Romblon ako.

CALVIN
Gift ko na sa 'yo lahat 'yan bilang fairy god-ninang mo. Naloloka lang ako sa pagka-praning mo na maski paggamit ng credit card 'di mo magawa.

PERTEE
Naniniguro lang.

Mapapansin ni PERTEE na may nakatitig kay CALVIN.

PERTEE (CONT'D)
Friend, may suma-sight din sa 'yo.

Pa-simpleng lilingon si CALVIN. Biglang liliwanag ang mukha ng taong tumititig sa kanya, siya si MARK (early 30s).

MARK
Sinabi ko na nga ba ikaw 'yan, Cal!

Tatayo si CALVIN para bumeso kay MARK.

CALVIN
Dito pa talaga tayo nagkita.

MARK
Oo nga, kasi naman ikaw dedma sa GC.

CALVIN
Medyo busy lang sa cafe, may nagsara na naman sa tabi namin kaya kailangan magsipag para hindi ma-tsugi.

MARK
Miss ka na namin. Sukang-suka na ko maging third wheel. Kailan ka ba magiging free?

Mararamdaman ni PERTEE na pa-simpleng tinitingnan siya ni MARK.

CALVIN
Anytime na, sabihin mo lang.

Nagkamaling mapapalingon ni PERTEE kay MARK kaya magkaka-eye to eye contact sila.

MARK
Hi, I’m Mark Cortez...

MARK offers his hand to PERTEE. Naiilang si PERTEE.

CALVIN
Oo nga pala, sa’n na ba manners ko, siya nga pala si---

PERTEE
Pertee, pinsan ni Calvin.

Kakamayan ni PERTEE si MARK.

MARK
Oh...pinsan...

Inis na hahampasin ni CALVIN si MARK.

CALVIN
Oo, pinsan ko talaga ‘yan! Baklang ‘to! Nagbabakasyon siya from Romblon.

Matatawa si MARK.

MARK
(kay PERTEE)
Sorry, just had to make sure na talagang magka-dugo kayo.

PERTEE politely smiles.

MARK (CONT’D)
(kay CALVIN)
Bukas ng gabi magkikita-kita kaming mga bakla sa bar ni Attorney, join kayo.

CALVIN
Sure, see you.

Magbebeso sina MARK at CALVIN. Titingin si MARK kay PERTEE.

MARK
See you there.

PERTEE politely smiles and nods. Aalis na si MARK.

CALVIN
Pertee talaga? Ba’t ‘di mo pa ginawang Pete?

PERTEE
Buwisit! Nataranta kasi ako.

Matatawa si CALVIN.

CUT TO:

40 **INT. BAR - ANOTHER NIGHT.** 40

Papasok si PERTEE kasama ni CALVIN. This is a bar for gays na mala-O Bar or Nectar. First time ni PERTEE pumunta sa lugar na ganito kaya bright-eyed ang kanyang mukha. Amazed na amazed sa mga tao sa paligid na panay kalalakihan pero panay yuppies at college students.

PERTEE
Ganito pala bars ninyo, parang hindi naman naiba sa mga bars ng mga straight.

Matatawa si CALVIN.

CALVIN
Ano ba inakala mo? Na panay naka-rollers at mujer ang mga tao dito?

Mapapangiti si PERTEE.

MARK (O.S.)
Cal!

Lalapit sina CALVIN at PERTEE sa isang table kung saan si MARK kasama ang iba pa nilang friends na sina DINO (30s), JONG (30s)and PHILIP (late 20s). Bebeso at yayakap si CALVIN sa mga kaibigan niya.

CALVIN
Guys, cousin ko nga pala, si Pertee.
(kay PERTEE)
Of course you know Mark, ang par excellance na interior designer.

Ngingiti si PERTEE kay MARK.

CALVIN (CONT'D)
Si Attorney Dino, part-owner siya ng bar and his better half, architect Philip. Ang LGBTQIA plus power couple.

Kakamayan ni PERTEE sina DINO at PHILIP.

CALVIN (CONT'D)
And of course, I'm the power bottom, Calvin.

Magtatawanan ang lahat.

DINO
Please, sit down.

Mauupo ang lahat.

PHILIP
(kay PERTEE)
I heard nagbabakasyon ka dito from Romblon.

CALVIN
Oo, first time niya sa Manila pati sa bar na panay bading. Palibhasa paminta siya sa probinsya, kaya pinromise ko sa kanyang iga-guided tour ko siya sa wonders of kabaklaan in the Metro.

PHILIP
(kay PERTEE)
Huwag mo pansinin 'yang pinsan mo kahit kailan kasi talaga mapang-asar 'yan.

Tatawa-tawa na lang si PERTEE.

PERTEE
Alam ko.

May lalapit na WAITER sa table nila na may dalang mga shot glasses.

DINO
O, let's start the ball rolling.

Kukunin ni DINO ang shot glass at iaabot ang isa kay PERTEE. Kukunin din ng iba ang ibang shot glasses sa tray. CALVIN raises his shot glass.

CALVIN
To my cousin Pertee!!

Mahihiya si PERTEE na pasimpleng sisikuhin si CALVIN. But, everyone else on the table raise their shot glasses as well.

DINO/MARK/PHILIP
To Pertee!

They toast and drink!

DISSOLVE TO:

41 **INT. BAR - NIGHT, LATER.** 41

Sa-shot si PERTEE at halatang tipsy na. Katabi niya si DINO habang si CALVIN ay nasa isang side niya.

MARK
I was raised by a single mom, and when I came out to her e she accepted me agad ang sabi lang niya maging mabuting tao lang ako.

CALVIN
Sana all, single mom lang 'no?

MARK
Hindi rin naman gano'n kalala ang reaksyon ng parents mo when you came out.

CALVIN
Malamang e ako bumubuhay sa kanila. Itong baklang 'to kaya ang nag-ahon sa pamilya namin kaya lahat sila masasarap na buhay sa States.

PERTEE
Lahat kayo tinanggap lang ng parents niyo?

DINO
Ako hindi agad. Pulis kasi dad ko.

PERTEE
Talaga? Anong reaksyon niya?

DINO
Pinalayas niya ko. Pinagbawalan niya 'yung mom and mga kapatid ko na lumapit sa 'kin. Pero when I became a lawyer unti-unti na niya ko tinanggap.

PERTEE
Sana gano'n ka-open minded Papa ko.

PHILIP
You'd never know until you try.

CALVIN
Ay sure akong hindi open-minded ang pudra niyan. Sinabi nga no’n na mas pipiliin pa niya ang anak na adik kaysa sa bading. Kasi ang adik daw puwede pa magbago.

Mahihiya si PERTEE na titingnan si CALVIN.

CALVIN (CONT’D)
Sabihin mong hindi totoo.

PHILIP
Well, hanggang salita lang naman ‘yung mga ‘yan. Ako nga sinabihan ng tatay kong ibibitin niyang patiwarik ‘pag naging bakla ako. Kasi ako lang ang lalaki sa mga anak niya, so nando’n ‘yung pressure na i-continue ko ang last name namin. As if naman prominente kami.

Magtatawanan sila. Pero si PERTEE curious pa rin.

PERTEE
Pero ‘yun nga ‘di ba? May pressure tayong pangalagaan ang family name natin?

DINO
Well, hindi nama krimen magmahal ng kapwa lalaki or any gender you choose, kaya hindi ko maintindihan kung pa’no makakasira ‘yun ng legacy ng pamilya.

PERTEE
I’m sorry...

DINO
It’s okay Pertee, hindi naman ako na-offend, bata ka pa kaya naiintinidhan ko na malamang ‘yung ang sinasabi ng parents mo sa ‘yo.

Mapapangiti si PERTEE.

PERTEE
Hindi na ko bata.

PHILIP
Bakit? Ilang taon ka na ba?

PERTEE
Sixty-three.

Magugulat sina DINO, PHILIP, MARK, at JONG sa sinagot ni PERTEE. Maski si PERTEE nagulantang na nadulas siya sa edad niya.

CALVIN
‘Yung tatay niya...63 na ‘yung tatay niya. Twenty-five palang si Pertee.

MARK
Bata ka pa nga. Diyos ko, ang saya kaya ng age na ‘yan. That’s the perfect age to make mistakes.

MARK (CONT’D)
Nagka-relationship ka na ba with a guy?

Nahihiyang iiling si PERTEE.

PHILIP
Kahit M.U.?

PERTEE
No’ng college, pero wala naman nangyari kaya wala lang ‘yun.

CALVIN
Uy, hindi ko alam ‘yan ah! Sino ‘yan?

Maiilang si PERTEE.

PERTEE
Teka, naparami na ko ng inom. C.R. lang ako sandali.

CALVIN
Echoserang ‘to! Sige na.

Matatawa na lang si PERTEE na aalis.

CUT TO:

42 **INT. BAR - OUTSIDE RESTROOM - NIGHT.** 42

Naghihintay sa labas si PERTEE nang bumukas ang pinto ng banyo. Ngingitian pa ni PERTEE ang OCCUPANT ng banyo na nakatungo’t nagmamadaling aalis.

Magtataka naman si PERTEE sa inasal sa kanya ng tao na para bang may ginawa siyang kasalanan.

INTERCUTTING WITH:

43 **INT. BAR - RESTROOM - NIGHT.** 43

Papasok si PERTEE at agad na isasarado't ila-lock ang pinto. Makikita niyang nakasarado ang takip ang toilet. Parang maiintindihan na niya ang demeanor ng kakakagaling lang dito. Kakabahan si PERTEE.

Gamit ang kanyang paa, iaangat ni PERTEE ang toilet cover at hindi pa lubusan itong naangat ay maduduwal na si PERTEE sa kanyang nakita. Bago tuluyang masuka, magmamadaling lalabas si PERTEE.

Sa kamamadali mabubunggo niya ang lalaking nakapila sa banyo. Matitigilan si PERTEE at mapapatingin sa kanya. Siya si SKY (22), neat, guwapo, at perfect ang shiny white teeth na naka-flash sa kanya.

PERTEE

Sorry. Huwag ka munang pumasok at may catastropheng naganap sa loob. (beat) Pero hindi ako may gawa no'n ha! 'Yung nauna sa 'kin. Iinform ko lang 'yung staff about it.

Nakangiting tatango si SKY sa kanya. Nahihiyang mauuna na si PERTEE pero ramdam niyang nakatitig pa rin sa kanya si SKY.

CUT TO:

44 **INT. BAR - NIGHT.** 44

Agad na lalapitan ni PERTEE ang unang STAFF na makikita niya.

PERTEE

Miss, may emergency sa restroom niyo. May taong binuhos ang lahat ng angst niya sa buhay sa toilet,'di na kinayanan ng flush sa dami.

Tatango ang STAFF at magmamadaling aalis. Mapapansin ni PERTEE si SKY na nakatingin at nakangiti uli sa kanya. Ngingitian siya ni PERTEE pero mahihiya't didiretso sa table nila.

Ramdam ni PERTEE na tinititigan pa rin siya ni SKY. Biglang mag-iiba ang music sa bar. Magsasalita ang DJ.

DJ
Drag yourself to the center stage as we welcome the queens of the night!!!

Biglang may music na magpe-play at lalabas ang drag queens na sumasayaw at nakiki-lip sync sa kanta. They walk to the tables and pull the customers to join them.

Dadaanan ng drag queens ang table nina PERTEE at yayayain din sila. Tatayo agad at jo-join sila agad except for PERTEE. Hahatakin ni CALVIN si PERTEE. Mahihiya si PERTEE.

PERTEE
Hindi, okay lang. Dito lang ako.

Hahayaan na ni CALVIN si PERTEE at susunod sa drag queens at mga kaibigan niya. Si PERTEE naman masayang pinapanood sila.

Pasimpleng lilingunin ni PERTEE si SKY at sabay silang magkakahulihan na nagtitinginan sila. Mahihiya na rin si SKY at iiwas ng tingin. Pero si PERTEE kahit paano mapapangiti't kikiligin kay SKY.

CUT TO:

45 **INT. CALVIN'S CONDO - NIGHT, LATER.** 45

Masayang papasok sina PERTEE at CALVIN. Kumakanta-kanta pa si PERTEE at sumasayaw-sayaw. Natutuwa naman si CALVIN makitang ganitong kasaya ang kanyang kaibigan.

CALVIN
Buti naman nag-enjoy ka!

PERTEE
Sobra! At ang babait ng friends mo.

CALVIN
Natuwa rin sila sa 'yo, sinabi nga nila huwag tayong mawawala sa next na labas e.

PERTEE
Can't wait. Thank you talaga Calvin, sa lahat-lahat.

CALVIN
Siyempre naman, Momsh. Ang tagal ko ring hinintay na masama ka sa mga ganitong lakad ko.

Yayakapin ni PERTEE si CALVIN sa sobrang saya.

CALVIN (CONT'D)
Pero may hindi ka sinasabi sa 'kin ha.

Magtataka si PERTEE.

CALVIN (CONT'D)
Sino 'yung naka-M.U. mo?

Matatawa si PERTEE.

PERTEE
Wala 'yun, blockmate ko lang sa college. Guwapo siya and matalino, nag-click lang kami. Tsaka medyo nagka-aminan kami.

CALVIN
At?

PERTEE
Wala, hanggang do'n lang.

CALVIN
Seryoso?

PERTEE
Oo. Last I heard may asawa't anak na rin siya, kaya halatang raging hormones lang 'yun.

CALVIN
Hay naku, ang saya talaga maging dalagita uli. Nakakamiss.

Magtatawanan sila.

CALVIN (CONT'D)
O sige na, papahinga na ko at maaga pa ko bukas sa cafe. Okay ka naman na sa room mo?

PERTEE
Oo.

Tatango si CALVIN at maglalakad na papunta sa kuwarto niya.

PERTEE (CONT'D)
Momsh.

Titingin si CALVIN kay PERTEE.

PERTEE (CONT'D)
Thank you uli.

CALVIN smiles and blows a kiss at PERTEE. Matatawa na lang si PERTEE. Papasok na si CALVIN sa kuwarto niya.

CUT TO:

46 **INT. CALVIN'S CONDO - GUEST ROOM - ANOTHER NIGHT.** 46

Nakapambahay pa si PERTEE na nakaupo sa kama. Tutok siya sa pagsagot sa mga email niya. Biglang bubukas ang pinto at sisilip si CALVIN.

CALVIN
Hindi ka pa bihis?

Magtataka si PERTEE. Mapapatingin si PERTEE sa orasan sa laptop niya.

PERTEE
Ay shit, sorry, sasagutin ko na lang 'tong remaining emails ko.

CALVIN
Bakla ka, mag-shower ka na, habang naghahanap ako ng susuotin ko.

PERTEE
Sige, sige. Magsa-shutdown na.

Isasarado na ni CALVIN ang pinto. Tutunog ang email alert tone ng kanyang laptop at mapapatingin sa screen si PERTEE. Makikita niyang galing kay EDDIE ang email na may subject: "RE: WORK FROM HOME."

Ayaw sirain ni PERTEE ang mood niya kaya hindi muna niya babasahin ang email ni EDDIE. Isasarado niya ang kanyang laptop.

CUT TO:

47 **INT. KARAOKE BAR - NIGHT, LATER.** 47

Nagmamadaling dadating sina PERTEE at CALVIN na lalapit sa table nina MARK, DINO, at PHILIP. The place is a high-end bar with a stage in the middle and a monitor. It is in the middle of the stage where people sing karaoke.

PERTEE
Super sorry na-late, may tinapos lang akong work.

MARK
You are forgiven. Basta kakanta ka.

Matatawa na lang si PERTEE. Habang umuupo si PERTEE biglang makikita niya ang isang group of people na papasok at isa rito sa SKY. Agad na magkakatinginan sina PERTEE at SKY. Magugulat na lang siya nang maglakad papunta sa kanila si SKY. Agad na tatalikod si PERTEE, naiilang sa kanya.

SKY
Mark!

MARK
Uy, Sky, sino kasama mo?

SKY
Mga orgmates ko.

Everyone in the table looks at SKY except for PERTEE who proceeds to drink.

MARK
Guys, anak ng client ko, si Sky. Ang galing kumanta niyan.

CALVIN
Sample naman.

Matatawa si SKY na pasimpleng tinitingnan si PERTEE. Si PERTEE naman iwas tingin pa rin sa kanya, virginal lang ang dating.

MARK
This is Calvin, and my other friends Attorney Dino, and his partner Philip.

SKY smiles and nods to everyone that MARK is introducing.

MARK (CONT'D)
At ang aming newest recruit, si Pertee.

Biglang io-offer ni SKY ang kamay niya kay PERTEE.

SKY
Hi. Nice to meet you.

Nahihiyang kakamayan ni PERTEE si SKY. Makikita ni PERTEE si CALVIN na may mapang-asar na ngiti.

CALVIN
(pabulong)
Bakit ikaw lang may pa-handshake?

PERTEE
Puta ka.

Matatawa si CALVIN.

SKY
(kay MARK)
Excuse me lang, balik lang ako sa friends ko.

Nakangiting tatango si MARK. Aalis na si SKY.

CALVIN
(kay MARK)
Baks, may history kayo niyan?

MARK
Wiz, super close ako sa Mama niyan kaya off-limits.

CALVIN
Pero asking for a friend, nasa spectrum ba siya?

MARK
He’s bi.

CALVIN
Oooh... I love bis, buy one, take one. Charot!

Magtatawanan sina MARK, DINO, at PHILIP.

Si PERTEE naman pasimpleng titingin kay SKY na nakikipagkuwentuhan na sa mga friends niya.

DISSOLVE TO:

48 **INT. KARAOKE BAR - NIGHT, LATER.** 48

Masaya na pumapalakpak at nakiki-sing along at sumasayaw si PERTEE at iba pa niyang kasama habang nasa stage si CALVIN na kumakanta with matching dance ng Spice Girls' **Stop.**

Enjoy ang buong lugar sa performance ni CALVIN at magpapalakpakan ang lahat sa energy nito. As CALVIN steps off the stage ay kukunin ng HOST ang mic mula sa kanya.

HOST
Thank you, Calvin! Let's keep the energy flowing. Sino ang gustong sunod na kumanta on stage?

Biglang maghihiyawan ang friends ni SKY.

SKY'S FRIENDS
Sky!!! Sky!!!

Mapapatingin si PERTEE kay SKY at makikitang nahihiya siya.

HOST
O parang nahihiya si Sky. Bigyan natin siya ng unting confidence.

EVERYONE
Sky! Sky! Sky!

Makikisigaw na rin si PERTEE at magkakatinginan sila ni SKY. Mahihiya si PERTEE at iiwas ng tingin sa kanya. Si SKY naman tatango na at maglalakad papuntang stage. Maghihiyawan ang lahat. Si CALVIN kikiligin at mapang-asar na titingnan si PERTEE.

HOST
So anong gusto mong kantahin?

SKY
The Time of My Life.

HOST
I love that classic! Pero duet 'yan 'di ba? Sino makaka-duet mo?

Magkikibit balikat lang si SKY.

HOST (CONT'D)
Sinong gustong samahan si Sky on stage?

Maiilang si PERTEE.

PERTEE
(kay CALVIN)
C.R. lang ako.

Magmamadaling tatayo si PERTEE at agad siyang mapapansin ni SKY.

SKY
Si Pertee.

Matitigilan si PERTEE at mapapansin niyang nagtinginan ang lahat sa kanya.

Nakangiting tatanggi si PERTEE.

HOST
Pertee, pagbigyan mo naman si Sky.

Sesenyas pang please si SKY sa kanya.

CALVIN
Pertee! Pertee!

Hanggang sa nakisigaw na rin ang buong crowd sa kanya. Mapipilitan tuloy si PERTEE at aakyat sa stage.

Iaabot ng HOST ang mic niya kay PERTEE. The music starts to play.

SKY
(pabulong)
Just have fun.

PERTEE smiles at SKY. Magsisimulang kumanta na ng **(I've Had) The Time of Your Life** si SKY, papasok si PERTEE and they sing together. Sobrang saya ni PERTEE na kumanta and the crowd goes wild.

CUT TO:

49 **EXT. KARAOKE BAR - NIGHT, LATER.** 49

Naglalakad na papunta sa mga cars nila sina PERTEE, CALVIN, MARK, DINO, and PHILIP.

DINO
So sure na 'yan ah, Bora tayo?

CALVIN
Oo, ako na bahala mag-book ng plane, kayo na bahala mag-book ng hotel natin.

PHILIP
Sige, see you.

Mauuna nang umalis sina MARK, DINO, at PHILIP.

Maglalakad na sina PERTEE at CALVIN papunta sa kotse ni CALVIN.

SKY (O.S.)
Pertee.

Mapapalingon si PERTEE at magugulat siyang makita si SKY na hinahabol sila.

SKY (CONT'D)
Sorry kung na-put on the spot kita kanina.

PERTEE
Talaga! Pasalamat ka, hindi ako pumiyok.

SKY
You did great.

Nakangiting tatango si PERTEE at tatalikod na dapat.

SKY (CONT'D)
Sorry, pero I just wanted to ask kung anong name mo sa I can add you sa socmed.

PERTEE
Hindi ako nagga-gano'n.

CALVIN
May pagka-old school talaga 'tong pinsan ko.

SKY
Can I ask for your number then?

PERTEE
Good night, Sky.

Maglalakad na papunta si PERTEE sa kotse ni CALVIN. Hahabol si CALVIN.

CALVIN
(pabulong)
Huwag ka na pakipot.

PERTEE
(pabulong)
Gaga, puwede ko ng anak 'yan.

CALVIN
So?

Matatawa na lang si CALVIN at Sasakay na sila sa kotse.

CUT TO:

50 **INT. CALVIN'S CONDO - GUEST ROOM - NIGHT, LATER.** 50

Nakapantulog na si PERTEE na chinecheck ang mga email niya. Finally bubuksan na niya ang sinend na email sa kanya ni EDDIE.

Makikita sa screen ang mahabang request ni PERTEE sa board na mag-work from home siya for the next 40 days. Sa dulo ng message makikita ang reply ni EDDIE: "OKAY."

Malulungkot si PERTEE na sa hinaba-haba nang sinulat niya "okay" lang ang sinagot sa kanya ni EDDIE. He then starts typing.

TEXT: THANK YOU, SIR. KUMUSTA PO KAYO?

He then sends his email to EDDIE.

Mapapabuntong-hininga si PERTEE at isasara ang kanyang laptop at mahihiga na.

CUT TO:

51 **INT. DE VIVRE CAFE - DAY, ANOTHER DAY.** 51

Abala sa laptop si PERTEE sa may window ng cafe. Kumportable na siyang hindi nagtatago sa isang sulok.

Habang abala sa pagsasagot ng email, magugulat na lang siya nang may kumatok sa window. Pagtingin ni PERTEE ay makikita niya si SKY na nakangiti't kumakaway sa kanya. Magugulat si PERTEE. Agad din namang papasok si SKY.

SKY
Can I join you?

Sasagot na sana si PERTEE pero biglang lalapit si CALVIN na may buhat-buhat na silya.

CALVIN
Oo, gora lang, hindi naman siya
busy.

Pilit na pauupuin ni CALVIN si SKY sa tapat ni PERTEE.

CALVIN (CONT'D)
(kay SKY)
Anong gusto mo? Coffee, tea,
Pertee?

Pandidilatan ni PERTEE si CALVIN. Matatawa si SKY.

CALVIN (CONT'D)
Charot lang!

SKY
Masarap daw chamomile tea and red
velvet niyo dito.

CALVIN
Ay, the best! Sige, wait lang ako
na mismo magpe-prepare.

Mabilis na aalis si CALVIN. Didiretso lang sa pagta-type sa laptop si PERTEE.

SKY looks around the place.

SKY
Ang ganda naman dito.

PERTEE
Stino-stalk mo ba ko?

Matatawa si SKY.

SKY
Hindi ah. Malapit lang kasi dito
nakatira 'yung bandmate ko, e
biglang nakita ko lang 'to kaya
tinry ko na rin.

PERTEE
Akala ko ba may nagsabi sa 'yong
masarap ang chamomile and red
velvet dito?

Matitigilan si SKY, huli na nagsisinungaling siya. Mapapakamot na lang ng ulo si SKY.

SKY
All right. Tinanong ko si Mark kung alam niya how I can get in touch with you, ang sabi nga niya madalas ka dito chumi-chill.

PERTEE
Ba’t mo ginawa ‘yun?

SKY
Dahil I’m attracted to you. Hindi ko talaga ugaling gawin ‘to, pero I took a risk to at least spend some time with you.

PERTEE
Ba’t ako? Wala ka ngang alam tungkol sa ‘kin.

SKY
Well that’s a good start to a conversation. Ako na mauna.
My full name is Francis Rivera, people call me Sky. I’m in my first year as a student sa music conservatory sa UST. I play the guitar, compose songs, at may banda ako. I’m a bisexual and my last relationship was with a girl that ended two years ago pa. I live with my mom who accepted me for who I am and continue to support me and my dreams.

PERTEE
Ang suwerte mo naman sa Mama mo.

SKY
Oo, she’s the best. I can sense na close ka rin sa Mom mo.

PERTEE
Yeah, pero she passed away recently.

SKY
I’m sorry.

PERTEE
Okay lang. Kaya naman ako nagbabakasyon din so I can grieve away from home. Ang dami ko kasing kailangan pag-isipan sa buhay ko.

SKY
Gaya ng?

PERTEE
Gaya ng kung anong gagawin ko now my mom’s gone. Siya kasi talaga ‘yung sandalan ko when I get into conflict with my dad.

SKY
Hindi kayo okay ng dad mo?

PERTEE
Okay naman, pero panay business lang talaga pinaguusapan namin. Do’n lang kasi kami nagko-connect e.

SKY
Well, suwerte ka pa rin since you still have a relationship with your dad. Ako kasi talagang tinurn away na niya.

PERTEE
Bakit?

Mapapabuntong-hininga si SKY at mapapangiti.

SKY
Mahaba-habang usapan ‘yan.

Saktong babalik si CALVIN dala ang in-order ni SKY.

CALVIN
Sakto kasi, great listner ‘tong pinsan ko. Kaya go-ra lang.

Matatawa si PERTEE. Iiwan na sila ni CALVIN. Mapapangiti si SKY at magsisimula ng magkuwento.

DISSOLVE TO:

52 **INT. DE VIVRE CAFE - THAT NIGHT.** 52

Inabot na ng gabi sina CALVIN at PERTEE. Sila na lang ang natirang customers dito at nagsisi-uwian na ang staff ni CALVIN.

Lalapit si CALVIN kina PERTEE at SKY na nagtatawanan.

CALVIN
Sorry, nag-uwian na kasi lahat ng staff ko. Puwede ko naman iwan sa inyo ang susi kung gusto niyo pa mag-stay.

SKY
Oh my God, sorry, hindi ko napansin 'yung time.

Tatayo na si SKY.

SKY (CONT'D)
I'll go ahead na rin kasi walang kasama si Mom sa house.

Tatango si PERTEE.

SKY (CONT'D)
By the way, may gig 'yung banda ko sa Saturday sa La Union. I'd really like for all of you to be there.

PERTEE
Sure.

SKY
Great! See you there.

Aalis na si SKY. Hindi naman maalis ang ngiti sa mukha ni PERTEE.

CALVIN
Nag-chikahan lang kayo nakalimutan mo na Bora natin sa Monday.

PERTEE
Oo nga pala, okay lang naman siguro mag-back to back beach outing sa kanila?

CALVIN
Tanungin ko sa mga bakla.

Ilalabas ni CALVIN ang cellphone niya.

CUT TO:

53 **INT. CALVIN'S CONDO - NIGHT, LATER.** 53

Lalabas si PERTEE mula sa banyo na bagong ligo.

CALVIN
Kinansel na namin 'yung Boracay.
Keri na sa mga bakla ang L.U.

PERTEE
Salamat, ha.

CALVIN
Pero Momsh, mixed ang crowd do'n
ha. Hindi tulad sa Bora na free
tayong rumampa.

PERTEE
Magsu-support lang naman tayo kay
Sky.

CALVIN
Sinabi mo e.

Mapang-asar na titingnan ni CALVIN si PERTEE. Matatawa na lang si PERTEE.

CALVIN (CONT'D)
Pero happy naman akong nag-click
kayo ni Sky. Nakakakilig din makita
ang pagdadalaga mo.

PERTEE
Sira! Nakakatuwa lang talaga siya,
tapos ang open-open niyang tao.
Kinuwento niya sa 'kin na hindi nga
raw siya tinanggap ng dad niya when
he came out. Bababuyin daw ni Sky
ang family name nila, kaya ever
since ginamit na ni Sky 'yung last
name ng Mom niya, para pag-sikat
niya, pagsisisihan ng dad niya
lahat ng ginawa sa kanya.

CALVIN
Kaya pala kayo nag-konek. Pareho
kayong may daddy issues.

PERTEE
Matulog ka na nga. Ang dami mong
alam e.

Matatawa na lang si CALVIN.

CUT TO:

54 **INT. VAN - ANOTHER DAY.** 54

Kasama ni PERTEE sa van sina CALVIN, MARK, DINO at PHILIP. Batid ang excitement ng lahat maliban lang kay PERTEE na nakatingin sa cellphone. Mapapansin siya ni CALVIN.

CALVIN
Momsh, rest day tayo, dedma muna work.

PERTEE
Sorry, naba-bother lang kasi ako na hindi ako ni-reply ni Eddie no'ng kinumusta ko siya. Pero ang active-active niya sa mga business discussions ng group.

CALVIN
Hayaan mo na, at least alam mong okay siya 'di ba?

PERTEE nods and forces a smile.

CUT TO:

55 **INT. LA UNION HOTEL - LOBBY - DAY, LATER.** 55

Nagche-check in na sina PERTEE.

SKY (O.S.)
Pertee!

Mapapalingon si PERTEE at makikita niyang masayang paparating si SKY.

SKY (CONT'D)
Can't believe nandito na kayo.

SKY gives PERTEE a warm hug. Makikita ni SKY na nakatingin sa kanila sina CALVIN, MARK, DINO, at PHILIP.

CALVIN
Andito lang kami as chaperone ni Pertee.

Sisikuhin ni PERTEE si CALVIN. Matatawa naman si SKY.

SKY
Can I invite you all sa Alon Resto? Treat ko.

PERTEE
Naku, hindi mo na kailangan gawin
'yun.

SKY
No, no, sige na. Pa-thank you na
lang sa pagsupport niyo sa band
namin.

PERTEE
Sige, if you insist. Check in lang
muna kami.

SKY
Okay, see you there.

Nakangiting tatango si PERTEE. Aalis na si SKY.

Pagka-alis ni SKY magtitilian sina CALVIN, MARK, DINO, at PHILIP, pare-parehong kinilig para sa kaibigan. Matatawa na lang sa kanila si PERTEE.

CUT TO:

56 **INT. LA UNION LOCAL RESTAURANT - DAY, LATER.** 56

Mauunang dadating sina PERTEE at CALVIN. Agad na mapapansin ni PERTEE na puno ang lugar. May mga pamilya, grupo ng magkakaibigan, at maangas ng lalaki na nag-iinuman.

Masayang sasalubungin sila ni SKY, at hihilahin papunta sa table nila.

SKY
Introduce ko kayo sa bandmates ko.

Papakilala ni SKY sina PERTEE at CALVIN sa mga ka-banda niya.

SKY (CONT'D)
Si Marco, Jong, at Benny. Guys,
sina Pertee at Calvin.

Magkakamayan sila.

LASING NA LALAKI
Bottoms up!

Mapapatingin si PERTEE sa sumigaw na LALAKI at makikitang nakikipag-toast siya sa dalawa pang kasama niya. Halatang lasing na sila.

SKY
Don't mind them. Upo kayo.

Nakangiting tatango si PERTEE at mauupo. Agad na tatabi si SKY kay PERTEE.

SKY (CONT'D)
Nasa'n na sina Mark?

Hahagalpak ng tawa 'yung LASING NA LALAKI sa katabing table na panandaliang madi-distract si PERTEE.

PERTEE
Pasunod na, hinintay lang niya sina Dino at Philip.

CALVIN
Ayan na pala sila.

Kakawayan ni PERTEE sina MARK para makita sila. Makikita ni MARK sina PERTEE at maglalakad papunta sa kanila. Nakasunod kay MARK sina DINO at PHILIP na magka-holding hands. Mapapadaan sila sa mesa ng LASING NA LALAKI.

Makikita ng LASING NA LALAKI na magkaholding hands sina DINO at PHILIP.

LASING NA LALAKI
Anak ng pucha naman, ba't may baklaan dito?

Matitigilan si DINO at inis na haharapin ang LASING NA LALAKI.

DINO
Ano sabi mo?

LASING NA LALAKI
Hindi lang pala bakla, bingi pa.

Kakabahan si PERTEE at mapapatayo. Akmang susugurin ni DINO ang LASING NA LALAKI pero pipigilan siya ni PHILIP.

PHILIP
Huwag mo ng patulan, umalis na lang tayo dito.

Agad na lalapit sina SKY, PERTEE, at CALVIN.

LASING NA LALAKI
Oo nga, umalis na kayo. Mahiya nga kayo may mga bata...makikita 'yung pagka-imoral ninyo.

SKY
Sir, wala naman silang ginagawang mali.

LASING NA LALAKI
Anong wala? Kapwa lalaki magka-holding hands? Tama ba ‘yun?

MARK
Sky, lipat na lang tayo.

Tatango si SKY at sesenyasan ang mga ka-banda niya. Si PHILIP naman ay halos hatakin na si DINO paalis para kumalma. Agad na susunod sina CALVIN, MARK, at iba pang ka-banda ni SKY papalabas. Susunod na rin sina PERTEE at SKY.

LASING NA LALAKI
Ay salamat, umalis din, ang lansa-lansa na ng amoy e.

Biglang hahagalpak ng tawa ang mga kasama ng LASING NA LALAKI. Matitigilan si PERTEE sa mga tawanan ng mga kalalakihan.

QUICK CUT TO:

57 **FPSPA - BACKYARD - DAY (FLASHBACK).** 57

Maalala ni PERTEE ang pagma-mock sa kanya ng mga board members.

GENERAL CASTRO
...Si General Faron lang naman ang hindi alam na bakla ang anak niya.

SENATOR SANTOS
Sigurado ba kayong hindi bulag si Sir Eddie?

Magtatawanan ang mga board members, manililiit naman si PETER sa kanilang mga halakhak.

QUICK CUT TO:

58 INT. **LA UNION LOCAL RESTAURANT - DAY, PRESENT TIME.** 58

Aalingawngaw ang tawa ng mga LASING NA LALAKI na katunog ng board members. Pipitik na si PERTEE.

PERTEE
'Yun na 'yun?

Titigil sa pagtawa ang LASING NA LALAKI.

LASING NA LALAKI
Ano sabi mo?

PERTEE
'Yun lang talaga pang-asar mo?

LASING NA LALAKI
Bakit? Mas magaling ka ba sa 'kin?

PERTEE
'Di hamak naman. Kasi ang luma ng bala mo Kuya, Keep up naman. For example, INQUSITIVE! Bakit ka, bakla? Ikaw, Kuya, bakit ka tanga? RELIGIOUS! Mahiya ka naman sa Diyos, ba't naman Kuya, hindi ko nga Siya jinudge no'ng ginawa ka niya. SCIENTIFIC! Dapat nilulunod ang mga bakla sa dagat! Imposible, dahil ang bakla ay one-fouth sirena! POLITICAL! Hindi puwedeng isabatas ang same-sex marriage! Kuya naman, huwag mong ipagdamot ang pinagkait sa 'yo. PERSONAL! Tingin mo ba may nagagandahan sa 'yo? Oo, 'yung unico hijo mo.

LASING NA LALAKI
Putangina ka talaga!

Akmang susuntukin ng LASING NA LALAKI si PERTEE pero sasalagin ito ng isang CUSTOMER.

CUSTOMER
Boss, puwede ba huwag ka na manggulo?

LASING NA LALAKI
Itong mga bakla nga 'tong nanggugulo. Hindi na nahiya sa mga bata.

Tatayo ang TATAY NG MGA BATA.

TATAY NG MGA BATA
Wala naman silang masamang ginagawa.

LASING NA LALAKI
Anong wala? Magka-holding hands
'yung mga lalaki?

TATAY NG MGA BATA
Ano naman ho masama do'n? Naiinggit
ho ba kayo?

Matatawa si PERTEE.

Lalapit na ang MAY-ARI NG RESTO.

MAY-ARI NG RESTO
(kay PERTEE)
Gusto niyo po ko tumawag ng pulis?
Susuporatahan po namin kayo pag
sinampahan niyo ng harassment mga
'to.

Sabay-sabay na maga-agree ang iba pang Customers sa restaurant.

PERTEE
Thank you, pero huwag na. I've made
my point. Accla, out!

Then PERTEE confidently walks out of the restaurant.

CUT TO:

59 **EXT. LA UNION LOCAL RESTAURANT - DAY.** 59

Paglabas ni PERTEE ay saka lang siya makakahinga nang maluwag. Agad ding lalabas sina CALVIN, MARK, DINO, PHILIP na sabay-sabay magtitilian at yayakapin si PERTEE. Sina SKY at bandmates niya ay masayang nakatingin din sa kanya.

CALVIN
Grabe ka Momsh, sa 'yo na ang
korona.

PERTEE
Hindi ko alam what came over me.

CALVIN
Nakawala ka na sa koral bakla. You
are now one with the community!
Welcome!!!

Matatawa si PERTEE at yayakapin siya ni CALVIN pati nina MARK, DINO at PHILIP.

Mapapatingin si PERTEE kay SKY na nakangiti sa kanya. Sobrang saya rin at free nang pakiramdam ni PERTEE.

CUT TO:

60 **EXT. LA UNION BEACH PARTY STAGE - THAT NIGHT.** 60

Tumutugtog ng upbeat song si SKY at ang banda niya. Masayang tumatalon at sumasayaw si PERTEE kasama nina CALVIN at ng mga friends niya.

PERTEE is on a high. He feels so happy singing and dancing with his friends. He is smiling at SKY who is clearly singing to him.

DISSOLVE TO:

61 **EXT. LA UNION BEACH SHORE - NIGHT, LATER.** 61

Naglalakad sina PERTEE at SKY. Sila lang ang nandito.

SKY
Iba ka rin kanina, dahil sa 'yo muntik ng kuyugin 'yung homophobe na 'yun.

Matatawa si PERTEE.

PERTEE
Napuno na lang talaga ako sa lahat ng insulto na nadinig ko. Alam mo bang 'yun 'yung first time na sinabi kong outloud na bading ako? Nag-come out nga ko sa Mama ko no'ng nasa kabaong na siya.

Matatawa si PERTEE. Mapapangiti si SKY.

SKY
Alam mo when I came out to my mom sobrang confident niya that my dad would accept me. Kaya naman when my Dad rejected me tapos inupakan pa niya ko. Right then and there iniwan niya Dad ko and raised me on her own.

Mapapangiti si PERTEE dahil naalala rin niya si LOURDES.

PERTEE
Iba talaga magmahal ang mga nanay.
Gagawin talaga nila lahat-lahat
para sa mga anak nila.

SKY
Sinabi mo pa.

Titigil si SKY at titigan siya na may lubos na paghanga.

PERTEE
Bakit?

Ngingiti si SKY at dahan-dahang lalapit para halikan si PERTEE. Kakabahan si PERTEE pero hindi siya aatras at mapapapikit pa.

YOUNG MOTHER (O.S.)
PETER!

Magugulat si PERTEE at agad na mapapadilat. Mapapa-atras siya agad at makikita niya ang isang BATANG LALAKI na hinahabol ng YOUNG MOTHER (Late 20s).

YOUNG MOTHER (CONT'D)
Loko kang bata ka. Mommy's gonna
get you!

Susundan ng tingin ni PERTEE ang mag-inang naghahabulan at kikilabutan.

PERTEE
I have to go.

SKY
Pertee, sorry---

Nagmamadaling lalayo si PERTEE at hahabulin naman siya ni SKY.

PERTEE
No, no, it's okay. Naalala ko lang
na may gagawin pa kami ni Calvin.
I'll see you tomorrow.

Magmamadali ng umalis si PERTEE na halos kumaripas na siya ng takbo.

CUT TO:

62 **INT. LA UNION HOTEL - ROOM - NIGHT, LATER.** 62

Hindi makapaniwala si CALVIN sa ginawa ni PERTEE.

CALVIN
Ang tanga mo naman, Momsh, ba't ka pa umatras?

PERTEE
Dahil akala ko nadinig ko si Lourdes.

CALVIN
Momsh, si Lourdes mismo ang nag-request kay Lord na magka-ganyan ka, ba't naman siya kokontra kung mai-in love ka?

PERTEE
Hindi ko alam. Pero I have to be sure.

CALVIN
Bakla sa'n tayo makahahanap ng espiritista ng ganitong oras?

PERTEE
Hihingi ako ng sign. 'Pag bukas umulan, ibig sabihin against si Lourdes na magka-relationship ako kay Sky.

CALVIN
Sige push. Bibili na ko ng isang dosenang itlog at magdadasal kay Santa Clara.

Matatawa si PERTEE.

CUT TO:

63 **INT. LA UNION HOTEL - ROOM - NEXT DAY.** 63

Pagdilat ni PERTEE ay haharangin siya ni CALVIN.

CALVIN
Matulog ka pa Momsh.

PERTEE
Huh? Bakit?

Mapapaupo si PERTEE at makikita niya sa bintana ang malakas na ulan. Malungkot na magtitinginan sila ni CALVIN.

CUT TO:

64 **INT. LA UNION HOTEL - RESTAURANT - DAY, LATER.** 64

Malungkot na tinitingnan ni PERTEE ang malakas na buhos ng ulan na may kulog at kidlat pa. Malungkot ding nasa tabi niya si CALVIN. Maya-maya lang dadating na sina MARK, DINO, at PHILIP.

MARK
Grabe nagulat akong may ulan, e ang sabi sa Google 95 percent sunny ngayon.

Mapapahagulgol na lang si PERTEE. Magugulat sina MARK, DINO, at PHILIP.

PHILIP
Anong nangyari?

CALVIN
Hoping na makakapag-banana boat ng bakla.

Aaluin ni CALVIN ang likod ni PERTEE.

Dadating si SKY.

SKY
Pertee.

Mapapatingin si PERTEE kay SKY.

SKY (CONT'D)
Puwede ba tayo mag-usap?

Mapapabuntong-hininga si PERTEE at tatango. Maglalakad sila ni SKY papunta sa isang sulok, malayo sa mga tao.

SKY (CONT'D)
I'm really sorry kung na-offend kita last night---

PERTEE
Hindi, Sky. Hindi ako na-offend, pero hindi pa kasi ako ready to get into a relationship ngayon. Tsaka uuwi na rin ako pabalik ng Romblon the end of the month kaya---

SKY
Then let's just hang out, okay. Bigyan mo lang ako ng chance to be with you while you're here. No expectations, labas lang tayo as friends.

PERTEE
No expectations.

SKY
Oo, just being with you is enough for me na.

Matutunaw ang puso ni PERTEE sa sinabi ni SKY at dahil doon, mapapatango na lang siya.

CUT TO:

65 **INT. CALVIN'S CONDO - ANOTHER DAY.** 65

Nasa sofa sina PERTEE at SKY at nanonood ng movie sa TV.

CUT TO:

66 **INT. BAR - ANOTHER NIGHT.** 66

Nagpe-perform si SKY with his band habang proudly nanonood at nakikisayaw si PERTEE with CALVIN, MARK, DINO, and PHILIP.

CUT TO:

67 **INT. MALL - ANOTHER DAY.** 67

Namamasyal sa mall sina PERTEE at SKY. Magkalayo sila kung maglakad, halatang ilang pa si PERTEE.

CUT TO:

68 **INT. MALL - RESTAURANT - ANOTHER DAY.** 68

Kumakain sina PERTEE at SKY pero magkatapat ang kanilang upuan. Para lang silang magkaibigan na nagha-hangout.

CUT TO:

69 **INT. CALVIN'S CONDO - ANOTHER NIGHT.** 69

Masayang naglalaro ng game board sina PERTEE, SKY, at CALVIN.

CUT TO:

70 **INT. BAR - ANOTHER NIGHT.** 70

Magkakasama sa isang table sina PERTEE, CALVIN, MARK, DINO, at PHILIP. SKY joins them after perfoming. Maglalabas ng bimpo si PERTEE at pupunasan ang pawis ni SKY.

CUT TO:

71 **INT. MALL - ANOTHER DAY.** 71

Namamasyal sa mall sina PERTEE at SKY, mas magkadikit na sila maglakad.

CUT TO:

72 **INT. MALL - RESTAURANT - ANOTHER DAY.** 72

Magkatabi na sina PERTEE at SKY sa upuan habang kumakain.

CUT TO:

73 **EXT. SKY’S HOUSE - ANOTHER NIGHT.** 73

Kinakabahan si PERTEE na may dalang cookies habang nasa tabi niya si SKY.

SKY

Relax.

Biglang bubukas ang pinto at makikita ni SKY si ALMA (52) na naka-black dress and pearls na parang mamasyal sa Greenbelt.

PERTEE

Good evening po, Tita.

Biglang yayakapin ni ALMA si PERTEE.

ALMA
Finally I meet you, lagi ka na lang kasing kinukwento sa ‘kin nitong si Sky e.

Mahihiya si PERTEE.

PERTEE
Nice to meet you rin po. I brought cookies.

ALMA
Oh thank you, that’s my favorite. Please come in, come in.

Papasok na sina PERTEE at SKY.

CUT TO:

74 **INT. SKY’S HOUSE - NIGHT, LATER.** 74

Tapos na kumain nina PERTEE, SKY, at ALMA. Nilalagyan niya ng wine ang glass ni PERTEE.

PERTEE
Thanks po, Tita.

Tatango si ALMA at mauupo na sa tabi ni SKY.

ALMA
Alam mo, it’s been a while din since Sky talked about someone.

SKY
Ma, please, we’re just friends.

ALMA
I’m not saying anything, anak. I’m just saying na happy ako na may bago siyang friend that keeps my baby boy happy.

SKY
Ma, you’re embarassing me.

Matatawa si ALMA. Matutuwa naman si PERTEE na panoorin silang mag-ina.

CUT TO:

75 **INT. SKY'S HOUSE - LIVING ROOM - NIGHT, LATER.** 75

Natutuwa si PERTEE na tingnan ang baby pictures ni SKY habang proud na tine-turn ni ALMA ang page ng photo album.

ALMA

And this is him sa unang performance niya on stage. He was just nine years old diyan pero siya 'yung nanalo ng trophy. He beat out fourteen-year olds and 'yung mga sanay na sa singing contests.

SKY

Ma, puwede ba mag-dessert na tayo? Nahihiya na talaga ko.

Matatawa si ALMA.

ALMA

Sige na. Pero can you check on the carrot cake kung okay na siya?

Tatango si SKY at aalis. Si PERTEE naman naaliw na tinitingnan lang ang baby pictures ni SKY. Mapapansin niya na panay si SKY at si ALMA lang ang nasa photo album.

ALMA (CONT'D)

Pertee,sobra akong nahihiya to ask a favor from you, pero desperado na talaga ako.

Magtataka si PERTEE.

PERTEE

Ano po 'yun, Tita?

ALMA

Alam mo naman what happened between Sky and his dad 'di ba?

PERTEE

Yes po.

ALMA

Well, five months ago kasi me and his dad got in touch again and sobra siyang nagsisisi for what he happened and what he did to Sky. He's begging me na makausap ang anak niya, pero I told him na desisyon ni Sky 'yun.

Tatango si PERTEE.

ALMA (CONT'D)
Natural tumanggi si Sky, pero araw-araw nagmamakaawa 'yung ex ko na makausap ang anak niya. He just wants to personally say sorry and explain things to him.

PERTEE
Ano po matutulong ko, Tita?

ALMA
I know how special you are kay Sky, kaya I was hoping na baka puwede mo siya ma-convince na makipagkita sa Dad niya. Of course, you can say no, pero---

PERTEE
No, no, Tita, naiintindihan ko po kayo. No promises, pero ita-try ko po talaga.

Mapapayakap sa tuwa si ALMA sa sinabi ni PERTEE.

ALMA
Thank you, Pertee.

Nakangiting tatango si PERTEE.

CUT TO:

76 **INT. CALVIN'S CONDO - NIGHT, LATER.** 76

Sinabi na ni PERTEE kay SKY ang request sa kanya ni ALMA at hindi siya makapaniwala dito.

SKY
No way!

PERTEE
Sky---

SKY
Sinabi niya sa 'kin na ayaw na niya kong makita.

PERTEE
Pero sabi ng Mom mo na nagsisisi daw talaga siya.

Maiinis si SKY.

SKY
Si Mama naman dinamay ka pa sa drama ng family namin.

PERTEE
Tell me kung anong puwede kong gawin to at least consider meeting up with your Dad.

SKY
Come with me.

PERTEE
Huh?

SKY
Makikipag-meet ako sa kanya, pero sasamahan mo ko.

PERTEE
Ba’t hindi na lang, Mama mo?

SKY
Dahil ayokong mauwi sa iyakan ang lahat, and I need you there as my security blanket.

Mapapabuntong-hininga si PERTEE.

PERTEE
O sige, kung ‘yun ang gusto mo.

Pero naalangan si PERTEE with SKY’s request.

CUT TO:

77 **INT. MALL - RESTAURANT - ANOTHER NIGHT.** 77

Naglalakad papasok sina SKY at PERTEE at hihinto sila sa harap ng HOST.

PERTEE
Rseervation under Mr. Perez.

HOST
Ah yes, sir, please follow me.

SKY
Andiyan na ba siya?

HOST

Yes po.

Mapapansin ni PERTEE na parang nag-freeze sa takot si SKY. Hahawakan ni PERTEE ang kamay ni SKY.

PERTEE

Andito lang ako.

Mapapangiti si SKY at hindi bibitawan ang kamay ni PERTEE. Maglalakad na ang HOST papunta sa booth ng tatay ni SKY.

Nakatalikod ang tatay ni SKY kaya hindi pa siya makikita ni PERTEE. Hihinto ang HOST sa harap ng tatay ni SKY at mapapansin siya nito. Tatayo ang tatay ni SKY and finally makikita siya ni PERTEE.

Matitigilan sa paglakad si PERTEE nang makita niya ang tatay ni SKY. Buti na lang hindi siya mapapansin ni SKY.

Hindi agad titingnan ng tatay ni SKY na si ANTON (63) si PERTEE. He zeroes in on SKY. Batid sa mukha ni ANTON ang saya na muling makita si SKY.

ANTON

Thank you for coming.

Mailap na tatango si SKY sa kanya.

SKY

My friend, Pertee. He's the one that messaged you.

ANTON

Hi, it's nice to meet---

Saka lang talaga mapapatingin si ANTON kay PERTEE. Matitigilan din si ANTON nang makita niya si PERTEE. Nagtitigan ang dalawa na parang matagal nang magkakilala.

PERTEE

Excuse me, kailangan ko lang mag-C.R.

Nagmamadaling aalis si PERTEE na papasok sa restroom.

CUT TO:

78 **INT. MALL - RESTAURANT - RESTROOM - NIGHT.** 78

Hindi makapaniwala si PERTEE na nasa harap niya si ANTON. Tumanda man si ANTON ay kilalang-kilala pa rin niya ang dating kaibigan.

CUT TO:

79 **INT. COLLEGE - GYM - LOCKER ROOM - NIGHT (43 YEARS AGO).** 79

20 years old palang si PERTEE rito pero ganoon na ang kanyang itsura. Naka-basketball jersey siya, kasama si YOUNG ANTON (20).

PERTEE
Toto, kalimutan mo na 'yung nangyari.

YOUNG ANTON
Pa'no ko makakalimutan 'yung gabing 'yun. Hinalikan mo rin ako.

PERTEE
'Tang-ina Toto, wala lang 'yun. Nasobrahan lang tayo ng beer.

YOUNG ANTON
Hindi totoo, 'yan. Alam kong pareho tayo ng nararamdaman.

Hahawakan ni YOUNG ANTON ang kamay ni PERTEE.

YOUNG ANTON (CONT'D)
Natatakot din ako sa nararamdaman ko, pero kahit anong pigil ko ikaw lang talaga ang nasa isip ko. Sabihin mong hindi mo rin nararamdaman 'yun, at lalayuan na kita.

Hindi makabitiw sa tingin si PERTEE kay YOUNG ANTON. Mahal din niya si YOUNG ANTON pero natatakot siya. Mas hihigpitan ni YOUNG ANTON ang paghawak sa kamay ni PERTEE. Nakangiti sa kanya. PERTEE somehow finds comfort in his smile. Hindi na mapigilan ni PERTEE na mapangiti rin.

Biglang bubukas ang pinto na hindi agad mapapansin ng dalawa. Tatlong TEAMMATES nina PERTEE at YOUNG ANTON ang papasok at makikita nilang magka-holding hands ang dalawa.

TEAMMATE 1

Putang-ina---

Magugulat si PERTEE at agad hihilahin paalis ang kamay. Out of panic itutulak niya si YOUNG ANTON.

PERTEE

'Tang-ina mong bakla ka!

Magugulat si YOUNG ANTON sa pagtulak sa kanya ni PERTEE.

TEAMMATE 2

Anong nangyari, Faron?

PERTEE

Itong si Perez, biglang hinawakan kamay ko.

TEAMMATE 3

'Tang-inang bayot!

Susugurin ng tatlong TEAMMATES si YOUNG ANTON at uupakan siya. Agad namang tatakas si PERTEE paalis habang inuupakan ng tatlo si YOUNG ANTON.

CUT TO:

80 **INT. MALL - RESTAURANT - RESTROOM - NIGHT (PRESENT TIME).** 80

May kakatok sa pinto at magkakaulirat si PERTEE.

SKY (O.S.)

Pertee, okay ka lang?

PERTEE

Yeah, yeah. Okay lang. Palabas na.

Hihinga nang malalim si PERTEE at lalabas na.

CUT TO:

81 **INT. MALL - RESTAURANT - OUTSIDE RESTROOM - NIGHT.** 81

Lalabas si PERTEE na naka-smile na at hindi pahahalata na na-windang siya nang makita si ANTON. Batid niya ang pag-aalala ni SKY.

SKY

Okay ka lang, ba?

PERTEE
Oo naman. Ba't naman, hindi?

SKY
Para ka kasing you saw a ghost kanina.

PERTEE
Ah hindi, sumama lang tiyan ko.

SKY
Don't leave me alone with him. Kailangan kita.

Naiilang man ay tatango si PERTEE. Maglalakad na pabalik sina PERTEE at SKY kay ANTON.

CUT TO:

82 **INT. MALL - RESTAURANT - NIGHT.** 82

Mauupo na si PERTEE at SKY sa tapat ni ANTON. Nakatitig lang si ANTON sa kanya halatang nagulat na makita si PERTEE.

ANTON
Taga-sa'n ka, Pertee?

PERTEE
Makati.

ANTON
Taga-Makati talaga pamilya mo?

SKY
Actually, he's from Romblon. Nagbabakasyon lang siya sa Makati with his cousin.

ANTON
Romblon? Kamag-anak mo ba 'yung mga Faron?

PERTEE
Hindi. Wala akong kakilalang gano'n.

ANTON
Sigurado ka? Kasi kamukhang-kamukha mo 'yung kakilala kong Faron e.

PERTEE
Ah, sir, no offense, pero 'di ba si Sky ang gusto niyong makausap?

ANTON
Of course, I'm sorry.

Titingin si ANTON kay SKY.

ANTON (CONT'D)
Hindi ko talaga alam kung pa'no sisimulan 'to, pero uunahin ko na sa paghingi ng tawad sa 'yo.

SKY
Sa'n? Sa pag-disown mo sa 'kin o sa pagbugbog mo?

ANTON
I'm sorry for everything, anak. Maling-mali na ginawa ko 'yun and there's no excuse for what I did, pero baka mas malinawan ka lang when I tell you why I reacted the way I did. (beat) Nagulat kasi ako na sinabi mong bi-sexual ka, because noon hindi ako naniniwala na mana-mana ang ganito.

SKY
I don't understand.

ANTON
I'm a bi-sexual din, anak.

Matitiglan si SKY. Maski si PERTEE nagulat sa pag-amin ni ANTON.

ANTON (CONT'D)
Alam ko 'yung hirap, pambabastos, at pangungutya na maging isang bi-sexual at natakot ako na pagdaanan mo ang mga narasanan ko no'n. Umasa ko na 'pag nagalit ako e pipigilan mo 'yung nararamdaman mo. Gaya rin ng ginawa ko. Pero you are much braver than me, at napahanga mo ko. You are a better man than I am, and I just want to tell you na I'm very proud of you.

Sa ilalim ng table ay hahawakan ni SKY ang kamay ni PERTEE. Mahigpit ang pagkakapit ni SKY kay PERTEE. At sa pagtingin ni PERTEE kay SKY, makikita niya ang pagpigil nitong maiyak.

CUT TO:

83 **EXT. MALL - PARKING SPACE - NIGHT, LATER.** 83

Naiilang pa rin si PERTEE kay ANTON na hinahatid sila ni SKY sa sasakyan nila.

ANTON
Thank you uli for coming. I hope maulit uli ito.

SKY smiles politely.

ANTON (CONT'D)
Thank you rin, Pertee, for helping in arranging this. It was nice meeting you.

Sa sobrang ilang ni PERTEE ay halos hindi na siya makatingin diretso kay ANTON.

PERTEE
You're welcome po.

Beat.

Ramdam ng lahat awkwardness.

ANTON
Sige, mauna na ko. Ingat kayo pauwi.

Maguumpisa ng maglakad ni ANTON paalis.

SKY
May tatanungin lang sana ako sa 'yo.

ANTON
Ano 'yun, anak?

SKY
Did you really love, mom?

ANTON
I still love her, pero more as a friend.

Tatango na lang si SKY at mauuna ng sasakay sa kotse. Agad din namang susunod sa kanya si PERTEE.

CUT TO:

84 **INT. SKY'S CAR - NIGHT.** 84

Pagpasok ni PERTEE ng sasakyan mapapansin niyang parang naninigas si SKY.

SKY
Andiyan pa ba siya?

PERTEE looks at the rearviewmirror to see ANTON. Makikita niyang naglalakad nang paalis si ANTON.

PERTEE
Umalis na siya. Are you---

SKY suddenly breaks down crying. Magugulat si PERTEE at agad na yayakapin siya. Awang-awa siya kay SKY, pero maski siya hindi makapaniwala sa nangyayari sa kanya.

CUT TO:

85 **INT. CALVIN'S CONDO - NIGHT, LATER.** 85

Pagbubuksan ni CALVIN ng pinto si PERTEE na tulala.

CALVIN
Ba't ganyan itsura mo?

PERTEE
Momsh, tanda mo 'yung sinabi kong naka-M.U. ko no'n?

CALVIN
Oo, bakit?

Sa pagtitig ni CALVIN sa mangiyak-ngiyak na itsura ni PERTEE ay mage-gets na niya.

CALVIN (CONT'D)
OMG, huwag mong sabihing tatay ni---

Mangiyak-ngiyak na tatango si PERTEE.

CALVIN (CONT'D)
Pa'no nangyari 'yun?!!!

PERTEE
Hindi ko rin alam, Momsh...

CALVIN
Alam ni Sky?

PERTEE
Siyempre hindi, at hinding-hindi na niya malalaman dahil hindi na ko magpapakita sa kanya hanggang bumalik na ko sa dati.

CALVIN
Huwag mo naman i-ghost si Sky. Maging fair ka naman sa kanya.

PERTEE
Anong sasabihin ko? Na 63 years old na ko, at ako ang first love ng tatay niya?

Matitigilan si CALVIN dahil tama nga naman si PERTEE.

CALVIN
Mukhang kailangan nga nating pag-isipan kung pa'no ia-approach 'to. Wait bibili lang ako ng vodka, at malalang brainstorming 'to.

CUT TO:

86 **INT. BAR - ANOTHER NIGHT.** 86

Papasok si PERTEE kasama ni CALVIN kung saan maabutan nilang nasa gitna ng pagkanta sa stage si SKY. Maraming tao at masaya ang crowd. Hindi naman mapakali si PERTEE.

PERTEE
Momsh, parang 'di ko keri.

CALVIN
Keri mo 'yan, Momsh, basta magpasalamat ka kay Sky at sabihin mong he will always have a special place in your heart. Bet na bet ng mga twinks ang mga ganyan.

Kabadong tatango si PERTEE habang pinapanood na masayang kumanta si SKY. Hindi naman makikita ni SKY si PERTEE.

Matatapos ang pagkanta ni SKY at magpapalakpakan ang crowd.

SKY
Thank you everyone. Before namin ituloy ang set namin, I just want to say that tonight is a special night dahil a couple of days ago may nangyari na hindi ko in-expect. After years of not having any communicaiton with my dad ay nagkita uli kami recently, and for the first time tonight he is here to watch me perform.

Magugulat si PERTEE at mapapatingin si CALVIN.

SKY (CONT'D)
Dad, nasa'n ka?

Hinahanap ni SKY si ANTON. Hindi mapapansin nina PERTEE at CALVIN na nasa may bandang likod nila siya. Until SKY sees him.

SKY (CONT'D)
There he is! Please, welcome my dad.

Magpapalakpakan ang lahat. Iilawan ng spotlight si ANTON na nakangiting kakawayan ang mga tao. Mapapalingon si PERTEE at biglang makikita siya ni ANTON.

CALVIN
Abort, Momsh, abort!

Matatarantang kakaripas ng takbo sina PERTEE at CALVIN. Hahabulin sila ni ANTON.

CUT TO:

87 **EXT. BAR - NIGHT.** 87

Paglabas ni ANTON ay hindi niya makikita sina PERTEE at CALVIN. Tinitingnan niya ang paligid pero they are nowhere in sight kaya babalik na lang uli papasok si ANTON.

Saka naman lalabas mula sa pinagtataguan sina PERTEE at CALVIN. Mare-relieve si PERTEE na hindi siya inabutan ni ANTON.

CUT TO:

88 **INT. CALVIN'S CONDO - NIGHT, LATER.** 88

Tulala si PERTEE na tinitingnan lang ni CALVIN na naglalagay ng lotion matapos nalapot sa pagtakbo.

PERTEE
Dapat talaga nakinig ako sa sign ni Lourdes at umiwas na lang ako kay Sky.

CALVIN
Eh malamang 'yun ang dahilan kaya ayaw ni Lourdes na magchuk-chukan kayo ni Sky, dahil tatay niya si Anton.

PERTEE
Pero hindi naman niya alam 'yung tungkol kay Anton.

CALVIN
Momsh, naman, nasa langit na mudra mo. Tingin ko alam na niya lahat.

Mangiyak-ngiyak si PERTEE.

PERTEE
Ba't ba kasi nangyayari 'to! Gusto ko lang naman ma-experience maging bakla.

Matitigilan si CALVIN.

CALVIN
Teka lang, Momsh, ano ba tingin mo sa mga bakla? Panay pa-party-party lang at pagpapaganda?

PERTEE
Momsh, hindi naman 'yun ang ibig sabihin ko---

CALVIN
Pero kailangan maklaro sa 'yo na kaya ka bakla kasi nagkakagusto ka sa lalaki, at alam 'yun ng nanay mo. Kaya bakit ka natataranta ngayon no'ng makita mo uli 'yung first love mo?

PERTEE
Kasi ayoko ng makumplika ang buhay ko. Gusto ko lang matapos ang 40 days na makasama kayo.

CALVIN
At pagkatapos no'n babalik ka sa pagiging paminta? Tingin mo ba 'yun ang gusto ni Lourdes?

PERTEE
Hindi ko alam.

CALVIN
Alam mo ang sagot Peter, nagtatanga-tangahan ka lang.

Inis na papasok ng kuwarto si CALVIN. Matatahimik at mapapaisip si PERTEE.

Muling bubukas ang pinto at lalabas si CALVIN para kunin ang naiwan niyang lotion.

CALVIN (CONT'D)
Naiwan ko lotion ko. Good night.

Inis na papasok uli ng kuwarto si CALVIN.

CUT TO:

89 **EXT. CALVIN'S CONDO - NEXT DAY.** 89

Ipaparada ni ANTON ang kanyang motor across the building. Makikita niyang lumalabas ng building si PERTEE na may dalang flowers. Mag-isa lang si PERTEE na tatawag ng taxi at sasakay dito.

Maku-curious si ANTON at susundan si PERTEE sa kanyang motor.

CUT TO:

90 **EXT. CEMETERY - MAUSOLEUM - DAY, LATER.** 90

Naglalakad si ANTON papalapit sa mausoleum ng mga FARON ng lumabas si PERTEE mula dito.

Magugulat si PERTEE na makita si ANTON.

ANTON
Akala ko ba hindi mo kilala ang mga Faron?

Tatakbo palayo si PERTEE pero hahabulin siya ni ANTON. Hanggang sa mahablot siya nito.

PERTEE
Puwede ba, huwag mo na ko guluhin.

ANTON
Gusto ko lang malaman kung sino ka talaga.

PERTEE
Pabayaan mo na ko, Toto, please.

Sa pagsabi ni PERTEE nito ay pakakawalan siya ni ANTON.

ANTON
Ba't mo ko tinawag na Toto? Isang tao lang tumatawag sa 'kin niyan. Ikaw si Peter, 'no? Ikaw siya.

Matatahimik na lang si PERTEE.

CUT TO:

91 **EXT. CEMETERY - DAY, LATER.** 91

Nasabi na ni PERTEE ang katotohanan kay ANTON na tulala.

PERTEE
Nasa sa 'yo na kung maniwala sa sinabi ko, pero that's the truth.

ANTON
Naniniwala ako sa 'yo, Peter kasi pakiramdam ko gusto ng Mama mo na magkita tayo uli.

Matatawa si PERTEE.

ANTON (CONT'D)
Seryoso ako. Alam mo bang kaya ako nakasunod sa 'yo kasi pumunta ako sa condo mo kanina para kausapin ka. Nakita kita paalis na pero imbes na tawagin kita parang may nagtulak sa 'kin na sundan kita dito. Malamang Mama mo 'yun.

PERTEE
Nagkataon lang ‘yun, Toto.
Nagkataon lang ‘to lahat.

ANTON
Pero pa’no kung hindi---

PERTEE
Eh ‘di maging masaya na lang tayo na nagkita tayo uli. Toto, I’m really sorry nasaktan kita no’n.

ANTON
‘Yun na nga Peter e, kahit na sinaktan mo ko no’n, hindi ka pa rin nawala sa isip ko. Mahal ko si Alma at ang anak namin, pero ikaw pa rin ang hinahanap ng puso ko. Mahal pa rin kita, Peter.

Hahawakan ni ANTON ang kamay ni PERTEE pero hihilahin niya ito paalis.

PERTEE
Matanda na tayo para diyan, Toto. Ilang araw, babalik na ko sa dati kong buhay. Mag-focus ka na lang kay Sky kasi kailangan mo pang bumawi sa kanya. Kung ano man nararamdaman natin sa isa’t isa eh hayaan na lang natin ‘yun at pagtuunan na lang natin ng pansin ang kung anong mas mahalaga sa buhay natin.

Tatayo na si PERTEE at magsisimulang lumayo kay ANTON.

He stops and looks at ANTON.

PERTEE (CONT’D)
At Toto, please huwag mo na sabihin ‘to kay Sky. He was always good to me.

Aalis na si PERTEE.

CUT TO:

92 **INT. CALVIN'S CONDO - GUEST ROOM - THAT NIGHT.** 92

Tahimik na nag-aayos ng kuwarto si PERTEE nang may kumatok sa pinto niya at sumilip si CALVIN.

CALVIN
Nandito si Sky.

Tatango si PERTEE, na kahit pa’no in-expect din niya.

CUT TO:

93 **INT. CALVIN'S CONDO - NIGHT, LATER.** 93

Lalabas si PERTEE mula sa kuwarto at makikita si SKY. Si CALVIN ay nakaupo sa isang tabi.

SKY
Totoo ba ‘yung sinabi sa ‘kin ni Dad?

Malungkot na tatango si PERTEE at ilalabas ang kanyang cellphone. Mula sa phone niya papakita ni PERTEE ang picture ni PETER.

PERTEE
‘Yan talaga ako.

Mindblown si SKY na mapapaupo na lang.

SKY
I can’t believe it.

PERTEE
Ako rin naman litung-lito no’ng nangyari ‘to. Pero ito yung paraan ng Mama ko makabawi sa ‘kin dahil na-guilty siya sa pagtitiis ko no’n.

SKY
This happened after mo mag-come out sa kanya?

Tatango si PERTEE.

SKY (CONT’D)
Tama ka, iba talaga magmahala ang mga nanay.

Mapapangiti si PERTEE.

SKY (CONT’D)
Isipin mo she found a way para ma-reconnect kayo ni Dad.

PERTEE
Nagkataon lang 'yun, Sky.

SKY
I don't think so. Kasi if it weren't for you malamang hanggang ngayon hindi pa rin ako makikipag-ayos kay Dad.

PERTEE
I'm happy na okay na kayo uli ni Anton. That's the least that I can do sa kabaitang binigay mo sa 'kin.

SKY
I hope that you'd give him another chance. Even my mom hopes that as well. Mahal ka pa rin kasi ni Dad, alam mo ba 'yun?

PERTEE smiles politely.

PERTEE
Unfortunately, I don't feel the same way. Kaya take care of him.

Malungkot na tatango si SKY. Yayakapin ni PERTEE si SKY.

Si CALVIN naman malungkot sa kanyang nadinig.

CUT TO:

94 **INT. CALVIN'S CONDO - NIGHT, LATER.** 94

Nakadungaw lang sa bintana si PERTEE nang pumasok ng kuwarto si CALVIN.

CALVIN
Talaga bang magkukulong ka na lang dito sa last three days mo?

PERTEE
Mas maganda na 'yun kaysa naman sa kung sino pa sa past ko makita ko pa sa labas.

Mapapabuntong-hininga si CALVIN.

CALVIN
Sinayang mo lang effort ni Lourdes. Sana ako na lang binigyan ng chance na bumata uli.

PERTEE
Sana nga, kasi lalo lang na-complicate ang buhay ko dahil dito.

CALVIN
Ikaw lang naman nagpapa-complicate ng lahat.

PERTEE
Dahil kumplikado ang buhay ko. Bawat desisyon, bawat galaw, importante dahil dala-dala ko ang reputasyon ng pamilya namin.

CALVIN
Ano bang reputasyon ang inaalagaan mo? Ang pagiging macho at matapang ng mga Faron?

PERTEE
Oo. At ano naman ang mali do'n?

CALVIN
Dahil isang malaking katarantaduhan 'yun! Peter, akala mo ba hindi ko alam na hiyang-hiya ka ma-associate sa 'kin, na maski sa burol ng nanay mo e hindi mo ko pinapunta para hidni malaman ng ibang tao na may kaibigan kang bakla?

Matitigilan si PETER.

CALVIN (CONT'D)
Hinayaan ko lang 'yun kasi naaawa ako sa 'yo. Naiintindihan ko 'yung takot mo, 'yung hiya mo. Pero ngayong nakita mo sa mga kaibigan ko, sa mga nakilala mo, na wala ka dapat ikatakot at ikahiya, pero ganyan ka pa rin. Kasi sa totoo kinakahiya mo ang sarili mo. At dahil do'n pinatunayan mo na hindi ka talaga Faron, kasi duwag ka.

Mapapaupo si PERTEE sa hiya dahil sa totoong mga sinabi CALVIN.

CALVIN (CONT'D)
Peter, bumalik ka sa pagkabata, may lalaking 40 years nang naghihintay para sa 'yo. Ano pa bang kailangan mangyari para mag-step up ka na?

Titingnan ni PERTEE si CALVIN. Hahawakan ni PERTEE ang kamay ni CALVIN.

PERTEE
Puwede mo ba ko samahan, Momsh?

CALVIN
As a kaladkarin person, always.

Matatawa si PERTEE at yayakapin niya ang kanyang best friend na si CALVIN.

CUT TO:

95 **EXT. BAR - NIGHT, LATER.** 95

Madaling araw na at sarado na ang bar. Papalabas na si SKY at ang banda niya kasama si ANTON.

PERTEE (O.S.)
Toto.

Pag-lingon ni ANTON ay makikita niya sina PERTEE at CALVIN.

ANTON
Peter?

Then PETER runs to ANTON and kisses him.

Mapapangiti si SKY habang si CALVIN naman maiiyak sa tuwa.

Yayakapin ni PERTEE nang mahigpit si ANTON.

PERTEE
I'm sorry for making you wait this long.

ANTON
It's worth the wait.

Pagtingin ni PERTEE makikita niyang masaya ang lahat ng tao sa paligid niya. Maiiyak sa tuwa si PERTEE.

CUT TO:

96 **INT. BAR - ANOTHER NIGHT.** 96

Kasama ni PERTEE sina CALVIN, ANTON, SKY, MARK, DINO, at PHILIP.

MARK
How does it feel na last day mo na maging 20s?

PERTEE
Scared and excited. Scared kasi tomorrow sasabihin ko na sa Papa ko ang lahat-lahat tungkol sa ‘kin. Pero excited kasi hindi ko alam kung anong mangyayari after no’n pero I know I won’t be alone.

Nakangiting hahawakan ni PERTEE ang kamay ni ANTON.

SKY
We’re all here for you.

CALVIN
Cheers sa kabogera kong BFF!

They all happily toast PERTEE.

CUT TO:

97 **EXT. BAR - NIGHT, LATER.** 97

Naglalakad na magka-holding hands sina PERTEE at ANTON nang accidentally mababangga nila ang isang middle-aged man na naka-business attire.

ANTON
Sorry.

MIDDLE-AGED MAN
It’s okay.

Biglang makikita ni PERTEE na isa sa mga kasama ng MIDDLE-AGED MAN si EDDIE. PERTEE freezes when he sees EDDIE.

EDDIE
Peter?

Mapapatingin si EDDIE sa magkahawak na kamay nina PERTEE at SKY. Agad na hihilahin ni PERTEE ang kamay niya at bahagyang lalayo kay ANTON. Biglang matatauhan si EDDIE. Mapapansin ni PERTEE na na-bother si EDDIE sa kanyang nakita.

EDDIE (CONT’D)
I’m sorry, I thought you were someone else.

Tutuloy na sa paglalakad si EDDIE at susunod sa kanya ang mga kasamahan nito. Si PERTEE naman ay hindi makagalaw dahil sa nangyari. Aaluin siya ni ANTON.

CUT TO:

98 **INT. CALVIN'S CONDO - GUEST ROOM - NIGHT, LATER.** 98

PERTEE still looks shaken after seeing EDDIE.

PERTEE
Nakita mo ba ‘yung reaksyon niya no’ng magka-holding hands tayo? Parang diring-diri siya.

Mapapabuntong-hininga si ANTON.

ANTON
It’s okay kung gusto mo munang i-delay ang plano mo.

PERTEE
Hinid, ilang dekada ko ng dinelay ‘to. Kakausapin ko na si Papa after ng board meeting.

ANTON
Sigurado ka?

PERTEE
Oo, dahil walang inuurungan ang mga Faron.

Nakangiting tatango si ANTON at yayakapin si PERTEE.

CUT TO:

99 **INT. CALVIN’S CONDO - GUEST ROOM - NEXT DAY.** 99

Tutunog ang alarm sa phone ni PETER. Mauupo siya’t kukunin ang phone at agad na titingnan ang sarili dito. Bumalik na siya bilang si PETER. He smiles to see his old face again.

Bubukas ang pinto at papasok si ANTON at CALVIN na may dalanag breakfast niya.

CALVIN
Good morning, Momsh. Welcome back.

Mapapangiti si PETER.

CUT TO:

100 **EXT. FPSPA - NEXT DAY.** 100

Darating si PETER na naka-angkas sa motor ni ANTON. Magtataka ang DOORMAN at mga GUARD na pinapanood lang si PETER. Iba na ang kanyang pananamit, he’s also more confident looking.

Binibigay ni PETER ang helmet kay ANTON.

ANTON
Kumusta ka?

PETER
Hindi makahinga, pero keri naman.

Aayusin ni ANTON ang necktie ni PETER.

ANTON
Good luck.

Hahalikan ni ANTON si PETER. Magugulantang ang DOORMAN at mga GUARD sa kanilang nakita pero mananahimik. Maglalakad na si PETER papunta sa lobby at mapapansin niya ang gulat na itsura ng DOORMAN.

PETER
Bakit?

Takot na iiling na lang ang DOORMAN at pagbubuksan ng pinto si PETER. Papasok na si PETER.

CUT TO:

101 **INT. FPSPA - BOARD ROOM - DAY, LATER.** 101

Kasama ni PETER si EDDIE at ang iba pang members ng board na sina GENERAL CASTRO, GENERAL DEL MUNDO, SENATOR SANTOS, and CONGRESSMAN REYES.

SENATOR SANTOS
Mr Chairman, bago tayo mag-adjourn baka puwede natin pag-usapan ‘yung balak niyo mag-retiro.

EDDIE
Hindi pa rin nagbabago ang isip ko, I will still retire by the end of the year at si Peter pa rin ang papalit sa akin.

GENERAL CASTRO
Kung gano'n Sir, then kailangan kong mag-object sa desisyon niyo.

EDDIE
On what grounds?

Kakabahan si PETER.

GENERAL CASTRO
Dahil sa sexual orientation ni Peter.

Magugulat si EDDIE.

EDDIE
Anong katarantaduhan pinagsasabi mo?

SENATOR SANTOS
Sir, we believe that Peter is gay and that goes against the moral values of our company.

Biglang mapapatingin si EDDIE kay PETER.

EDDIE
Peter! Sabihin mo nga sa mga gagong 'to na hindi ka bakla para matigil na ang katarantaduhang 'to.

PETER's hands shake in anxiety but then clenches his fist and take a deep breath. Titingnan ni PETER ang board.

PETER
Mr. Chairman. Gentelemen...

Titingnan ng lahat si PETER.

PETER (CONT'D)
Totoo ang sinabi niyo. I am gay. But that does not mean na hindi ako capable na pumalit sa puwesto ni General Eddie.

GENERAL CASTRO
Anong hindi e, imoral ‘yan. ‘Yan ang magiging mitsa kaya hindi masasara ang deal sa Papal Visit.

PETER
With all due respect General Castro, ang Santo Papa mismo ang nagsabing hindi pagkakasala ang maging isang bakla. Pero ang pakikiapid at pakikipagrelasyon kahit na kasal ay klarong kasalanan. Check the ten commandments, gentlemen. Dahil ‘yun ang klarong violation ng moral values na sinasabi ninyo.

Inis na tatayo si EDDIE at magwo-walkout. Magugulat si PETER at hahabulin si EDDIE.

CUT TO:

102 **INT. FPSPA - HALLWAY - DAY, LATER.** 102

Nagmamadaling hahabulin ni PETER si EDDIE.

PETER
Sir!

Haharap si EDDIE kay PETER.

EDDIE
Bakla ka talaga?

Takot na tatango si PETER.

PETER
Pero ako pa rin ‘to, Sir, kaya ko pa rin patakbuhin ang kumpanyang ‘to gaya ng gusto niyo.

EDDIE
Is this what you want?

PETER
This is what I was trained to do, and handa na ko, Sir.

Iiling si EDDIE.

EDDIE
Magsa-side ako sa board. Ire-recommend ko sa kanilang maghanap na lang ng ibang papalit sa akin.

Tatalikuran ni EDDIE si PETER at iiwan na siya. PETER is heartbroken as he watches EDDIE walk away from him.

DISSOLVE TO:

103 **EXT. DE VIVRE CAFE - DAY, ONE YEAR LATER.** 103

INSERT TEXT: **ONE YEAR LATER**

Maraming tao sa labas ng cafe kung saan may mga flowers at small gathering. Nandito rin sina ANTON, ALMA, SKY, MARK, DINO, at PHILIP. Si CALVIN at PERTEE ay nasa harap ng main door.

CALVIN
Thank you all for coming sa re-opening ng new and improved De Vivre Cafe. Just like life na patuloy nage-evolve our cafe has also done some evolving salamat sa aking new business partner at aking BFF na si Peter Faron. Momsh?

Magpapalakpakan ang lahat.

PETER
Thank you, Momsh. I just want to say na itong cafe na 'to has always been my safe haven that I always run to. Kaya naman naki-partner ako sa aking kay Calvin to expand on this beautiful place. This is a commune na mananatiling safe space para sa lahat ng aspeto ng tao, from CIS, LGBTQIA plus, fluid, pansexual, or whatever rocks your boat you will be accepted here, to live the life that you have chosen. Kaya please, let us go inside and enjoy some coffe, tea, and everyone's company.

Magpapalakpakan ang lahat as PETER and CALVIN open the doors to their cafe. Isa-isang pumapasok ang mga bisita na wine-welcome ni PETER. Biglang makikita niya si EDDIE na nakatayo from a distance at nakatingin sa kanya.

Matutuwa si PETER na makita ang kanyang ama at lalapit siya sa kanya.

PETER (CONT'D)
Hi, Sir. Hindi ko in-expect na pupunta ka.

EDDIE politely smiles and nods.

PETER (CONT'D)
Would you like to go inside?

EDDIE
That would be nice.

Maglalakad na papasok sina PETER at EDDIE. Mararamdaman ni PETER na naiilang pa sa kanya si EDDIE.

CUT TO:

104 **INT. DE VIVRE CAFE - DAY.** 104

Proud na pinapakita ni PETER kay EDDIE ang lugar. Si EDDIE patingin-tingin lang sa paligid.

PETER
May gusto akong pakita sa 'yo.

PETER leads EDDIE to a corner, where there's a picture of LOURDES and her stuff.

PETER (CONT'D)
Dinedicate ko 'tong corner na 'to para kay Mama. I hope you don't mind na nilagay ko 'yung ibang gamit niya diyan.

Matitigilan si EDDIE na makita ito. Isa-isa niyang hahawakan ang mga gamit ni LOURDES na nakadisplay sa may nook, at sa huli'y hahawakan ang maganda't masayang letrato ng kanyang asawa. Biglang maluluha si EDDIE. Magugulat si PETER na makitang umiiyak si EDDIE at agad na kukuha ng tissue.

PETER (CONT'D)
Sir.

Iaabot ni PETER ang tissue kay EDDIE. Pupunasan ni EDDIE ang kanyang luha.

EDDIE
Your Mama would be very happy na binigyan mo siya ng espasyo sa restaurant mo.

PETER
Siyempre naman po, para hindi ko po siya masaydo ma-miss.

EDDIE
I miss her too.

Hahawakan ni EDDIE uli ang isa pang letrato ni LOURDES sa nook, a young LOURDES with baby PETER. Mapapangiti si EDDIE.

PETER
Napapanaginipan niyo po ba si Mama?

EDDIE
I'm not sure kung memory 'yun or panaginip. Pero lately I keep on dreaming about the day you were born. When I held you in my arms at sinasabi sa 'kin ni Lourdes na huwag kita pababayaan. That was the happiest moment of our lives.

Biglang maiiyak si PETER.

PETER
I'm really sorry for disappointing you, Sir.

Magugulat si EDDIE sa sinabi ni PETER.

PETER (CONT'D)
Nabalitaan ko na binenta mo 'yung business. I'm sorry you had to give that up.

EDDIE
Hindi ko binenta 'yun dahil binigo mo ko. Binenta ko 'yung negosyo dahil hindi 'yun ang buhay na para sa 'yo. I'm sorry that I was too hung up with my own life na nakalimutan kong may sarili kang buhay na dapat mong sundan.

Hahawakan ni EDDIE ang mukha ni PETER.

EDDIE (CONT'D)
I'm still getting used to knowing na bakla ka, pero that doesn't mean nabawasan ang pagmamahal at respeto ko sa 'yo. You will always be my son that I'm proud of. I love you, anak.

PETER
I love you too, Pa.

Biglang yayakapin ni EDDIE si PETER. And as the day continues, we see a light shine brightly on the portrait of LOURDES smiling.

**WAKAS**

CUT TO: FULL CLOSING CREDITS

FADE OUT.